

ILANG-ILANG

73

TAON I

NOBYEMBRE 10, 1945

BLG. 4



*Tagumpay ng Karunungan laban
sa Kamatayan—ayon kay Rizal.*

(Basahin ang "Isang 'sama ng loob' ni Rizal")

.30 ISANG
SIPI



**Sampung Gabing
Maligaya**

**Sampung Gabing
Maligaya**

FLASH!

SAMPUNG ARAW NG KASAYAHAN AT GALAK

--SA--

**Sampaloc Victory Charity Fair
& Exposition**

SAYAWAN!

AWITAN!

ALIWAN!

Disyembre 7 Hanggang Disyembre 16 1945



Isali ang inyong kandidata sa pagka Reyna ng Kawanggawa at Reyna ng Kagandahan. Inaanyayahan namin ang madla, ang mga kolehiyo at paaralan upang lumahok sa paligsahang ito.

Ukol sa iba pang bagay at mga balota, ay makipag-alam sa

TANGGAPANG PANGKALAHATAN

DR. F. G. ORTEGA, Pangulo




Mga Anunsiyo sa tindahan, puwesto, bakuran at sa mga malalaking karatula ang pinauupahan sa mga samahang pangalakal at sa mga pagtatanghal sa industriya, mga palabas, sirko laro at iba pang uri ng mga aliwan, atbp.

MAKIPAG-ALAM SA

BUSTILLOS, SAMPALOK

E. SIKAT, Direktor-heneral



Mga

NILALAMAN

Ngayon



PAKINGGAN MO

Tula ni Dapit-Hapon

MATUTUWA SIYA

Kuwento ni Vicente G. Cruz

LAKAS NG PUSO

Kuwento ni Jesus S. Esguerra

BARUNG-BARONG NG ISANG DAKILA

Kuwento ni M. B. Mababangloob

LABI

Kuwento ni Genoveva D. Edroza

ANG TALA SA NAYON

Kuwento ni Ernesto Ricafort

ANG MAY DUSANG PUSO

Nobela ni I. Ed. Regalado

SA KUKO NG MGA GANID

*Salaysay ni J. Santos Madlang-
bayan*

ANG "PAPEL DE HAPON"

Salaysay ni Lope K. Santos

PAMPAARALAN

Pitak ni Gng. A. F. Villanueva

ANG DIGMAANG SUSUNOD

Salaysay ni L. Magsarili

ISANG "SAMA NG LOOB" NI RIZAL

Salaysay ni Cirilo Bognot

IBONG WALANG PUGAD

Tulambuhay ni I. Ed. Regalado

SA PAKPAK NG NOBYEMBRE

Tula ni Ruben Vega

TULANG PAMBATA

Ni Jose Katindig

MGA SALITANG MAGKAKA- SINGKAHULUGAN

KATATAWANAN

PANGHULING TALATA

INIGO ED. REGALADO
Patnugot

GEMILIANO PINEDA
Punong Manunulat

Ulang - Ulang

Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tabanan

MARIANO JACINTO
Tagapaglathala

BONIFACIO LIMBO
*Tagapangasiwa ng
Anunsiyo*

Pasulatan at Tanggapan: 40 Santamesa, Maynila

TAON I

NOBYEMBRE 10, 1945

BLG. 4

Pakinggan Mo...

Isáng batang di pa halos marunong na magsalitâ ang kalong ng kanyáng lolong sa apó ay tuwáng-tuwâ, bawa't bagay na mákita, ang batâ ay may usisâ, bawa't tanóng namán nitó'y sinásagót ng matandâ.

Itinurò ang bulaklák. Anáng lolo: "Iyán, amáng, ay bulaklák na mabangó ng mabulas na halaman, habang di pa nalálantâ ay may-gandá at may-kulay, nguni't kapág naluóy na'y pamparumí sa bakuran."

Ang ibon ay itinurò. "Iyán, anyá'y isáng ibon, umáalis kung umaga, nagbábalik kapág hapon, habang siyá ay may pakpák, patí langit, hinahamon, nguni't kapág nalugás na'y sa lupà rin humáhantóng."

Itinuro'y punung-kahoy. "Punung-kahoy iyán, anák, sa alagà ng may-ari ay may bungang napípitás, may lilim sa napapagod at may dagtáng silbíng-lunas, nguni't kapág humapay na'y tatal lamang na paningas."

Itinurò namá'y yagít. "Iyá'y yagít, yagít lamang, pampasukal pamparumí sa lahát ng károonan; nguni't iyán, aking bunsó, mahalagá noóng araw, nang mapawí na ang gandá, tinitisod, nilúluráy."

At ang batâ ay tumigil. Ang matanda'y nagpatuloy: "Kayâ ngâ ba, bunsóng giliw, tandaán mo buhat ngayón, maaaring bawa't isá'y gintong lantáy ng panahón, pagdating ng takdáng guhit, isáng hamak na panapón."

Nagpatuloy pa rin siyá: "Habang tayo ay may-lakás, simpanín ang bawa't bagay at tipirín patí oras, kung halaman tayo ngayón, dupong na lang tayo bukas, ang bulaklák, magandá lang habáng hindi nalúlugás."

Ang matandâ namán ngayón ang nagturò sa orasán. "Pakinggán mo, aking bunsó, ang tik-tak na banay-banay, iyá'y relós ng panahón at pintíg ng ating buhay, yumayaong waláng balik bawa't tik-tak na magdaán."

"Batâ ka pa hanggá ngayón, nguni't bukas-makalawá tao ka nang may panimdim, may tungkulin at panata, bawa't saglít na magdaán kapág iyóng inaksayá parang gintong itinapon sa líbingan ng pag-asa."

DAPIT-HAPON

SA pandingig ng ama ni Pinang, ang bagong tugtuging tinugtugtog niya noong umagang iyon, ay walang pinag-iwan sa garalgál ng aeroplanong mababa ang lipad. Ang tunog na nililikha ng kanyang mga pinong daliri kung itinutuldok sa teklado ng kanilang piyano ay waring bagsak ng mga bombang nanggagaling sa itaás, nagpapayanig sa kalooban ng kanyánm amáng hindi mápalagay at noo'y pabiling-biling sa loob ng kanyáng kulambo.

Si Mang Rufo, gayong maa-gang-maaga pa at bago pa lamang namimitak ang araw, ay parang iniihaw sa kanyang hihigan. Narooong tumaob at isubsób sa unan ang kanyang mukha. Narooong takpán ang dalawa niyang taynga at mahiga nang tuwid na tuwid. At walang anu-ano, nang hindi na yata makapagtimpi, ay isang matunog na "Rufina!..." ang ibinulyaw nang ubos-lakás.

Ang tinawa ay napalingon. Tumingin sa silid na pinagbuhatan ng sigáw. Nguni't hindi umimik.

Alám niya kung anó ang kahalugan ng sigaw na yaón. Mainit na namán ang ulo ng kanyang tatay. Kaya, masama man ang loob, ay ipininid ang piyano, kinuha ang kanyang binabasang aklat at humilig sa silyón.

* * *

Nang magbangon si Mang Rufo, ang unang bumati sa kanyang pangingin paglabás sa salas ay ang mga naghambalang na mga silya, mga mesa at meseterang wala sa lugar, sahiq na maalikabok, at mga bintanang hindi pa nabubuksán. At mangyari pa. Ang mga ala-ala ng sinundáng gabi ay nagbangon sa kanyang gunitá. Ibig niyáng bukhing muli ang kanyang bibig at ibulalas ang damdaming nakukuyom sa kanyang puso, nguni't... pinagtiim na lamang ang kanyang mga bagang at iilingiling na ginalaan ng tanaw ang walang-ayos na tahanan nilá.

"H-m!"

Ah—

—Magandang umaga, itáy!—ang matamis na bati ni Pinang na napatingin sa kanyang amáng nagbubuntong-hininga at kunot ang noó.

—Nahan...nahan ang maganda sa umaga—pakutyáng sagot na ang mga matá ay nanlilisik.—At ang nanay mo, nasaan?

—Nasa kusina, itáy, at inihanda ang inyong agahan.

—Ah, kay galing...ang ina ay nasa kusina at nagtatrabaho sa-

mantalang ang anak ay nasa silyon at nakahilig!

—Ang tatay namán!

Maniwala kayo. Kapág ang tatlong salitang iyan ay namumutawi sa mga labi ni Pinang, mga salitang binibigkas niya ng buong paglalambing, ay di ang hindi napapawing agad ang anumang galit o pagod ni Mang Rufo. Paano'y siya ang buhay na larawan ng kanyang nánay,—dakilang kalulwá na puno ng pag-ibig at kagandahang-loob. Anupa't para nga sa ating ibinubuhay ngayon, kung naglalambing si Pinang, ang bugtong nilang anak, ay naituturing niyang ang kanyang kalulayaw ay hindi ang bulaklak ng kanyang pag-ibig, kundi ang baeng humalíng sa kanyang puso at pinag-ukulan ng isang wagás at malinis na pagsinta. Subali't nang mga sandalíng yaón ay waring hindi niya naringig ang malambing na "ang tatay namán" ng kausap na anák. At sa halip na masubhán ay lalo pang nagningas.

—Mabuti ka na!—ang wikang nagngangalit ang mga ngipin. Si Pinang ay natigilan. Siya ay tumindig at aakbayán sana ang kanyáng amá upang ihatid sa komedor, nguni't nang mákitang ito'y nanginginig sa galit ay parang ipinako sa pagkakatayo.—Mabuti ka na! Nag-aanyaya ka na ng mga kaibigan kahi't kami ng iyong ina ay walang pahintulot. Sino ang may utos sa iyóng kumbidahin ang mga taong iyon kagabi?

—Ako!—sabád ni Aling Edeng na nakangiting galing sa kusina. Magiliw na kinawit ang kanyang asawa at inihatid sa kanyang likmuan upang mag-almusal.—Ikaw namán—marahang wika samantalang ang baso ng gatas ay tinitimplahán ng mainit na kapé.—Hindi mo ba alam na ang kasayahang idinaos dito kagabi ay isáng "sorpresang" handog ng mga kaibigan ni Pinang dahil sa pagtuntong niya sa ika-labing-anim na Mayo? Anó ang kasala-

nan ng bata? Di mabuti't nairaos ang kaarawán ng ating anák nang di tayo nagkagasta?

Si Mang Rufo ay nápakamot sa ulo. Nagbalík sa kanyang pandingig ang tagiting ng mga halakhak noong lumipas na gabi, mga halakhak na sarili lamang ng kabataan—walang ságutin, walang mga halakhak na yaón ay nagdulot sa kanyang puso ng magkahalong tuwa at lungkot. Tuwa, sapagka't ang hardin ng kanyang pag-ibig ay sinipután ng isang bulaklak na may iwing bango; at lungkót, sapagka't nagugunita niyáng dalaga na pala ang kanyang anak. Oo, dalaga na nga si Pinang, at ang anak na dalaga ay katulad ng isang rosas, na, kung kailán pa napakarikit, kung kailán pa hináhangaan, iniingatan at minámahal, ay saka binabakli, pinupupol, pinipitas....

—Samakatwid pala'y ang sorbetes at ang mga emparedados na iyó'y....

—Ang emparedados ay dalá ng mga kaeskuwela at ang sorbetes ay pasadya ng magkapatid na kambal, nina Hector at Felix.

Siya ay napatawa. Pagkatapos ay humahalakhák. Ah, siya naman ngayon ang nagparinig ng matunog na halakhak. At pisil ang tiyang linisan ang dulang nang di man tumikim ng kahi't na ano!

* * *

Ang mag-ina ay nagkatinginang kapwa hindi makapangusap. Si aling Edeng ay napa—"Abá!" lamang sa biglang-biglang pagbago ng kanyang asawa. Hindi niya maunawaan ang kahulugan ng lahat ng iyon. Lalo na si Pinang. May ngiti ngang sumungaw sa kanyang mga labi, nguni't ang ngiting iyon ay tuyo at walang buhay, ngiting nagbuhay sa isáng pusong nagugulumihayan.

Waláng imikang tinakpan nila ang mga pagkaing pagsasaluhan sana nilang mag-anak. Ang sinangay ay umaaso pa. Ang baso ng

gatas ay isinalalay ni Aling Edeng sa isang platito at dadalhin sana sa silid ng kanyang asawa, nguni't siyang pagkaringig muli nila ng matutunog na halakhak na sinundán ng isang malakas na bang! ng isang pinto. Ugali na ni Mang Rufo ang magkulong na mag-isa kapag may sama ng loob. Kaya ang mabait na babae ay walang nagawa kundi ang takpan na lamang ang kanyang daladalá upang huwag mahulugan ng dumi.

—Napapaano ang tatay? Anó ang nangyayari sa kanya?—ang tanong ng ibig mapaiyak na si Pinang.

—Hindi ko nga maalaman kung ano ang nangyayari sa tatay mo. Magdamág na hindi siya nakatulong at madalás na itanóng sa akin kung sino sa mga binatang narito kagabi ang iyong kasintahan o lumiligaw sa iyo.

—E ano ang inyong sagot?

—Abá, ano ang aking isasagot e sa wala akong nálalaman at wala ka naman sa aking ipinagtatapat!

—Anó nga ang sinabi ninyo?

—E anó pa, di...aywán ko'!

—Bakit hindi ninyo sinabing ang lahat ng napaparito ay mga kaibigan ko lamang at parang mga tunay na kapatid?

Si Aling Edeng ay napangiti.

—Ang tatay mo'y kaibigan ko't para ko ring kapatid sa pasimula....

—Abá, e di iba kayo noon at iba kami ngayon!

—Nagkakamali ka, anak ko. Tunay nga't ang ugali ng mga tao, ang kanilang mga hilig, gawi, at isipan, ay nagkakaroon ng panibagong tatak na sunod sa takbo ng panahón; subali't sa kabuuan, sa kaibuturan ng lahat, ang kanilang ugali, damdamin at kalooban, ay di nagbabago—saán at kailan mán. Ang pag-ibig ay isáng bagay na totoong mahiwaga. Kasama mo ay hindi mo nalalaman. Nadadama mo na ay pinag-aalindangan mo pa.

—Wika ninyo'y sa pasimula ay

para rin kayong magkapatid ng tatay; bakit, dati ba kayong magkakilala?

—Kami'y gaya rin ninyo: naging magkaibigan at nagpalagayang parang tunay na magkapatid na kinainggitan ng marami noong kami'y nag-aaral pa lamang.

—Nalalaman na ba ninyo noon pa, na sila'y may itinatagong pag-ibig sa inyó at kayo namán ay may iniingatang pagmamahal sa kanila?

—Nariyán ang isang hiwaga, isáng lihim, na ang lalim ay hindi matarók ng isipan ng tao. Sa mga araw na yaón ng aming kabataan o ng kamusmusán kung maáari nating tawagin ng ganito, ang pag-ibig ay hindi namín nakikilala (at ang mga nagsisiligaw sa akin ay di ko pinapansin sapagka't wala pa noon sa aking loob ang ngalang pagsuyo.) Nguni't ang ibig ko'y parating kasama ang iyong tatay, at siya namán ay di raw mapalagay kapag ako ay di niya nakikita.

—E anó ang sabi ng inyong mga magulang?

—Noong una ay di rin kami pinapansin ng iyong lolo at di niya inakalang kami'y magiging magsing-ibig; nguni't sa kalaunan ay umalingawngaw sa buong nayon ang aming pagmamahal at sa galit ng aking ama ay... akala ko'y hindi na kami magkikita pang muli."

—...ng mga lolo?

—Hindi—ng iyong tatay!

—Siyanga? At sa anóng dahilán?

—Wala! Basta't nagkasundo kaming maglimutan at magpatawarán.

Ang mga matá ni Aling Edeng ay naging makislap. Sa kanyang mga pisngi ay lumutang ang kulay na sariwa sa pag-ibig nang sa kanyang gunita ay magbalik ang mga araw na yaón ng kanyang pagdadalagá. Matagál na ngang hindi niya nauungkat ang mga lihim ng kanyang puso, kaya't ngayong ang masasarap na alaalang iyo'y parang mga perlas na kanyang binibilang ay di ang hindi niya nararamdamán ang isang damdaming nagpasariwa sa kanyang dibdib at nagdurugtong sa kanyang hiningá.

—Hindi tayo mayaman, anak ko," ang may pagmamalaki niyang

Kuwento Ni VICENTE G. CRUZ

patuloy na ang pantanaw ay sa malayo nakatingin at waring binabasa ang maganda nilang kapalaran sa kaputol na langit na kanyang nakikita, "nguni't ang ating táhanan ay mayaman sa pag-ibig at sagana sa pagmamahal.

—Subali't bakit nagalit ang lolo? Ayaw ba niya sa tatay?"

—Oo, ayaw na ayaw niya sa iyong tatay, sapagka't ako ay mahal na mahal sa kanila.

—E di kung gayon ay galit din ang tatay sa lolo?

—Ganyan ang aking paniwala sapagka't ang tatay ko raw ay alipin ng matandang kaugalian, mapanghimasok sa puso ng may puso. At kung siya raw ay magka-kaanák, ang anak niya ay magiging malaya sa pagpili ng kanyang iibigin.

* * *

Sa siwang ng kanilang bintana ay may nakapaglagos na sinag ng araw at sa tama ng sinag na iyon ang marilag na si Pinang ay lalong gumanda. Oh, kung nakita ninyo si Pinang! Ang ulap na kanina lamang ay nagpapadilim sa kanyang noo ay lubusan nang napawi at sa kanyang mga balintataw ay maliwanag na nababasa ang galak at kasiyahang-loob. Ang aklat na kanyang binitawan at dinampot na muli, binuksan at hinanap ang kinahintuan niya; walang anú-ano'y itiniklop na namán at inilapág sa kanyang tabí at ang kanyang ulo'y inilingang binabalalayan ng dalawa niyang palad samantalang ang kanyang likod ay nakalapat na maigi sa malambot na sandalan ng kanilang silyon. Ang pinagpapakuan ngayon ng kanyang pag-iisip ay hindi na ang sanhi kung bakit mainit ang ulo ng kanyang ama na, sa kanyang paniwala ay isang taong iba sa karaniwan at nag-aangkin ng diwa at damdaming makabago, kundí, ang suliranin ng puso, ng kanyang puso, na kagabing nagpapistá siya ay ibinulong ng isa niyang kasayaw. Si Pinang, nang mga sandaling yaon, ay lalong kaakit-akit. Oh, kung nakita ninyo si Pinang!

Siya'y napangiti at di man kinukusa ay napasulyap sa kanyang ina nang ginugunita niya yaong mga katagang kanyang itinugon sa haing pag-ibig ng anak yamang si Felix.

—Hindi ko akalain—aniyá, na iwasak mo ang pagpapalagayan natin at pagtitinginang parang tunay na magkapatid. Hindi mo na pinanghinayangan ang mga tatay na pakitang-loob ko sa iyo!

—Patawarin mo ako—hibik ng binata—kung ang aking pagtatapat, kung ang wagás na tibukin ng aking puso, ay naging subyang sa iyong dibdib. Ang toto-o'y nang ibulong ko sa iyo ang laman ng aking panimdim ay taglay ko ang paniwala na iisa ang ating pangarap at di-magkalayo ang ating mga hilig at mithiin sa buhay, nang di man sumagi sa aking isip na ang kaabaan ng aking pagkatao ay magiging lason sa iyong kalooban.

—Aba? ¡Aba raw siya! Kung ang lahat ng gaya mong nagising sa kayamanan ay magtuturing na aba, ay ano kaya naman ang maitatawag sa tulad naming nabubuhay sa pagpapatulo ng pawis?

—Huwag mo sana akong baligtarin, Pinang!

—Ikaw ang nanghahamak, sinusugatan mo ang aking damdamin!

Aywán ba. Kung sa bagay ang mga sagutan nilang iyan ay hindi naringig ni Mang Rufo. Nguni't nakita nito ang galaw ng kanilang mga mata, ang kilos ng kanilang mga labi, at ang ayos ng kanilang pagsasayaw. Kaya nang sabihin ni Aling Edeng na ang sorbetes na inihanda kagabi ay handog ng magkapatid na kambal—ni Felix nga at ni Hector—ay parang sinaksak ang kanyang puso at ang sugat ng kalooban ay kusang itinago sa matutunog na halakhak.

Walang kahina-hinala si Pinang sa dinaramdam ng kanyang amáng noo'y nag-iisa sa kanyang silid. Ang nakapananaig sa kanyang kalooban ay ang masasal na pintig ng puso, ang awa at habág sa sinapit na kapalaran ng magkapatid na kambal. Dinamdám niya ang pangyayaring ang lahat ng kayamanan ng dalawa ay nahulog sa kamáy ng mga masasamang-loob. Ang tahanan nila sa Tarlak ay nilamon ng apoy, at nasira ang lahat ng pananim. Si Hector ay nag-aaraw lamang sa laklak ng kanyang pagsinta ay isang talyer sa Echague, at si mayroon nang nagbabalak na kung Felix, salamat sa Diyos, ay namitil, ay nakasira sa isipan ng gíng bodegero sa isang Samahan ng Hapón.

—Alam ninyo,—ang sabi sa ina, matapos na maibalita ang nangyari sa kabuhayan ng dalawang magkapatid,—si Felix at si Hector palá ay nangungupahan lamang ngayon sa isang entresuelo.

—Kaawa-awa naman! Bakit hindi mo anyayahang dito na mu-na sila matira?

—Papayag kaya ang tatay?

—Ang anak palang ito!... May salita ka bang nabali sa iyong ama? Hayaan mo at mamaya ay kakausapin ko siya.

* * *

Gayon na lamang ang tuwa ni Pinang. Binuksan ang kanilang mga bintana. Inayos ang mga silya, ang mesetera, ang piyano. Kinuha ang bunót at pinakintab ang kanilang sahi. Matutuwa ang tatay, ang wika sa sarili, pag nakitang maganda at maayos ang aming tahanan, magandang katulad ng kanyang mutya. Matutuwa ang tatay. Matutuwa....

At akay ng malaking hangad na makatulong sa isang kaibigan, sa kaibigan ng kanilang bunso, si Aling Edeng ay masaya at magsigla ang katawang pumasok sa silid ng kanyang asawa. Nalimot niyang mainit ang ulo nitó. At saka, sakali mang ito ay may samá ng loob, ay hindi ba't ang kanyang asawa ay may dakilang kaluluwa at malambót na kalooban, mahabagin at mapagkawanggawa? Ang mga kapit-bahay nila ay walang masasabi sa kanyang asawa. Wala silang bangan ng bigas, nguni't hindi siya nakatitiis na manaog nang walang taglay ang sinumang dumudulog sa kani-ula upang humingi ng panlugaw o ng pambili ng kahi't na ano. Kaya ang mabait na iná ni Pinang ay walang salagimsim na binuksan ang pinto at nagpatuloy sa silid. Hihingin niya ang pahintulot ni Mang Rufo. Ito ay papayag at matutuwa. Oo, matutuwa.

Oh!

Si Mang Rufo ay inabot niyang nasa harap ng kanilang maliit na altar. Nakaluhod at tumatawa. Nagdásasal at humahalakhak. Umiiyak, humahalakhak, tumatawa, nagdásasal....

Ang mapanganib na kalagayang likha ng malupit na pananakop ng mga hapon na naragdagan pa ng mga paniwalang sa bugtóng na bu- Hector ay nag-aaraw lamang sa laklak ng kanyang pagsinta ay isang talyer sa Echague, at si mayroon nang nagbabalak na kung Felix, salamat sa Diyos, ay namitil, ay nakasira sa isipan ng mabait na amá.

(WAKAS)

—Hayun ang baliw!
—Hayun si Berto, ang baliw!
—Naku, kaawa-awa naman ang baliw na si Berto!

Iyan ang mga katagáng maring sa mga bibig ng taga Ibayo sa tuwing makikita nila o sa tuwing matatagpuan nila sa lansangan ang baliw na si Berto

Noong umagang yaon, nakagawian na ni Berto, pagsikat ng araw, siya ay tutungo sa gawing hulo, doon sa gawing ilog upang maghapon mag-aksaya lamang ng panahon sa pagmamasid sa agos ng tubig.

May ilang buwan nang gayon si Berto.

Noon ay kapapasok lamang ng buwan ng Mayo nang magkaroon ng isang kakila-kilabot na sakuna sa ilog na yaón. Taun-taon daw, ayon sa matatanda, ay may buhay na ibinubuwis sa ilog na yaon. Ang sabi pa ng ilan, ang ilog na yaon ay tinitirhan ng isang sirena.

Nguni't ang gayong matandang pamahin ng marami ay tinangkang pasinungalingan, isang araw ni Berto at ng kanyang kasintahan si Regina.

—Tayo na mamangka—matamis na anyaya isang hapon ni Berto sa kanyang kasuyo.

—Nguni't hindi ka ba natatakot?—mahinang sagot ng dalaga, na ang mga mata ay nakapukol sa mabilis na agos ng ilog.

Napatawa lamang si Berto.
—Natatakot ba ang sabi mo?—tanong naman ni Berto.

—Mangyari pa. Nalimot mo na bang sa taóng ito ay wala pang buhay na ibinubuwis ngayon diyan? Baka, tayo pa ang magbuwis, e!

Hinawakan ni Berto ang kaliwang kamay ng kanyang kasuyo at saka pinisil.

—Wala nang sirena ngayon sa ilog na iyan—anas pagkatapos ng binata.

—Ha? wala nang sirena? At saan nagtungo? Umahon ba sa lupa at nakipagtagpo sa isang GI?—tila pabirong tanong ng dalaga.

Isa pang ngiti ang namutawi sa labi ni Berto.

—Oo, wala na sa ilog ang sirena, sapagka't naririto ngayon at hawak-hawak ko pa ang kamay—at muling pinisil ni Berto ang palad ng dalaga.

—Taong ito! Pulos na biro, a! Noon, si Berto ay kausap na si mang Teong na madalas niyang hiramán ng bangka.

—Mag-iingat sana kayong mabuti, hané—paala-ala pa ng ma-

LAKAS - NG - PUSO

tanda—hangga ngayon ay wala pang nalulunod diyán!

Maya-maya pa, ang dalawa ay nakikita nang masayang nagsasagwan sa laot ng ilog.

—Kung ganito tayo kaligaya—biro pa ng binata sa kanyang kasintahan—ay hinahamon ko kahi't na si Neptuno na ama ng mga sirena, sapagka't hindi siya magkaroon ng kapangyarihan upang papag-ulapin ang ating maayang langit ng pag-iibigan.

Sa gawing timog, ay isang matitim na kimpal ng ulap ang nata-naw ng dalaga.

—Berto—wika ng dalaga—malasin mo ang gawing yaon. Tila may unos na darating!

—Ngayon pa bang nasa piling kita, ngayon ka pa naging matatating lubha? Ako, kung nasa piling mo, sa palagay ko ba, ay wala nang kamatayan!

—Siya nga ba?—tanong ng dalaga.

—Oo, Regina—tugon ng bagong tao—kahi't na subukan tayo ngayon ng tadhana, ay mapatutunayan kong wala akong kamatayan kung nasa piling mong lagi.

At, tila narinig ng Katalagahan ang sinambit ng binata, ang unos na nagbabanta sa Timog ay biglang bumagsák.

Nagngalit ang ilog, at sa isang kisap-mata, ang bangkang kinalulunan ng dalawa ay tumagilid at sa pagkakawala ng loob ni Berto, ay nabitawan ang kanyang sagwan.

—Berto! Berto!—sigaw ni Regina.

Nguni't anumán ang gawin ng binata, ang marahás na agos ng ilog ay nakapanaig din sa kanya.

—Regina, huwag kang bibitaw sa aking balikat. Lakasán mo ang iyong loob. Makararating din tayo sa pampang.

At, ang dalawa ay nakipaglabán sa nagngangalit na ilog.

—Ginawáng lahat ni Berto ang

kanyang nalalaman sa paglangoy na natutuhan noong siya'y nag-aaral pa sa Mapa High School.

Nguni't siya ay nabigo, sapagka't ang buhay ni Regina ay inagaw din sa kanya ng ilog.

Nagbalik sa laot si Berto upang hanapin ang nawaglit na kasuyo. Sumisid siya sa kailaliman, nguni't ilang oras na ang nagdaan, ang kasintahan ay hindi na natagpuan.

Ang ibang kabinataan sa Ibayo ay nakitulung din sa paghanap kay Regina, nguni't isa man ay hindi nagtagumpay.

Buhat na nga noon, si Berto ay naging tila isa nang tunay na baliw.

Kung malakás ang ihip ng hangin, at kung mabilis ang agos ng ilog, buhat sa laot ay tila nakaririnig ng tinig si Berto.

At, kung mapapakinggan na ni Berto ang tinig na yaong tita tinig ni Regina, saan man siya naroroon, ay agad tutunguhin ang ilog upang maghaponang pagalain ang mga mata sa pagbabaka-sakaling matagpuan ang kasuyo.

Isang gabi, si Berto ay inaapoy ng lagnát.

Si aling Tarcila na ina ni Berto ay naroroon at siyang nagbantay sa anak na may sakit.

Ang hangin ay umihip na ng malakás.

Buhat sa laot ay tila may tinig na napapakinggan ang ating binata. Tila siya ang tinatawag ng tinig na yaon.

Si Berto ay nagbangon sa pagkakahiga at lumapit sa durungawan.

—Berto—wika ng ina—huwag kang magtagal diyán, baka lalo lamang lumala ang iyong sakit.

—Nguni't nanay—sagot ni Berto—naririnig ko ang tinig ni Regina. Tinatawag niya ako! Si Regina ay buhay! Hayun ang kanyang tinig. Hindi mo ba naririnig, nanay?

Anumán ang gawin ni aling Tarcila, ay hindi rin niya nasa-wata ang anak. Noon di'y nanaog si Berto at nagtungo sa tabing ilog. Nalalaman niyang tinatawag siya ni Regina. Ang tinig ni Regina ay dinig na dinig ni Berto.

Ilang saglit munang nagmasid sa buong paligid si Berto, saka pagkaraan ng ilang saglit pa ay pikit-matang tumalon sa ilog.

Mabuti naman at nang mga sandaling yaon ay dumating ang ilang kaibigan ni Berto na sinundan ni aling Tarcila.

Hindi sila nag-aksaya ng panahon at sinikap na maihahon ang binata.

Buhat noon ay lumalá na ang sakit ni Berto.

Ang mga manggagamot ay nawalán na ng pag-asang mapapagaling pa ang binatang may-sakit.

Isang umaga, si Berto ay nagisnán na lamang ng lahat na humalahakhak nang malakás.

Pagkatapos, ang binata namán ay hahagulhol ng iyak.

Si Berto ay isa nang tunay na baliw ngayon.

Baliw na nga si Berto, nguni't ang puso ng ating binatang bayani sa pag-ibig, ay hindi baliw.

Tuwing umaga, pagsikat na ng araw, si Berto ay tutungo na sa ilog upang doon magparaan ng maghapon.

Yaon ang kinagawian ni Berto. Isang araw, si Berto ay inabutan ng malakás na ulán sa ilalim ng isang puno sa tabi ng ilog.

Ang hangin ay lumakás na mabuti.

Buhat sa laot, doon sa gitna na ang agos ay nagngangalit ay muli na namáng napakinggan ni Berto ang isang tinig na tila siya ang tinatawag.

Tumayo si Berto.

—Oo, Regina—sa pag-iisa ay nasambit ni Berto—naririnig kita. Hintayin mo ako! Papariyan ako sa iyong piling!

At, si Berto ay tumalón. Si aling Tarcila ay huli na nang dumating.

Kitang-kita pa ng dalawa niyang mata ang pagtalón ni Berto sa nagngangalit na ilog.

—Anák ko!—ang halos piping tawag na lamang ng ina—Regina!—dugtong pa ng matanda—ginawa ko ang lahat upang pigilin siya, nguni't totoong makapangyarihan ang iyong puso. Nawa'y magkita kayo sa langit ng aking anak! Idadalangin ko sa Diyos ang inyong ganap na kapayapaan sa kabilang buhay!

—WAKAS—

Kuwento Ni
JESUS S. ESGUERRA

ANG paghihintay ng isang ama sa labas ng isang silid na kinaroroonan ng kanyang maybahay na manganganak ay isang pangkaraniwang tanawin kina Mercedes at Manuel.

Nguni't ang pag-iling at hindi pagbabago ng anyo ng mukhang tila naninimdim ng kanilang ama ay nagdulot ng pagtataka sa dalawa, pagkatapos nilang marinig ang matinis na uha ng bagong silang na sanggol.

May ilang minuto bago sumilang ang sanggol, si Fidel ay walang tinag na nakatingin sa makintab

nag ng kanyang anak. Sa ganang kanya'y isa pang walang malayang matatambad sa lupit ng digma.

Kaya nang umalingawngaw ang unang putok ng pagsalakay sa panig na ito ng daigdig ay nakatalaga ang kanyang kalooban sa kapangyarihan ng Lalong Dakila. Ang kanyang mag-ina ay malakas at kapwa malusog na ng mga araw na yaon. Ang dalawa pa niyang anak na sina Manuel at Mercedes ay kapuwa natitigatig na rin sa pag-aaral.

Digmaan ang paksa sa kabi-

lulong ng mapagpalang pagkandili ng kanyang mga magulang, sa maayang tanawin ng pugad na kanyang sinilangan, ang dating pangangatawan ni Manuel ay unti-unting nanumbalik.

Datapwa't ang tahanan nilang pinagsakitan ng kanyang ama na pangalagaan sa loob ng maraming taon ay nilipatan ng mga kawal na sumakop sa Maynila.

Kinailangan ni Fidel na magtayo ng isang barung-barong sa tiwangwang na lupang nasa tapat ng kanilang malaking tahanan ng matirahan nilang mag-

linggong hindi lumalabas sa kublihan sa ilalim ng lupa na gina-
wa nila sa gawing likuran ng kanilang barung-barong. Nagkubutas-butang ang magkabilang dinding ng kanilang barung-barong, nguni't sila'y panatag sa matibay na bakod ng kanilang pananalig.

Hanggang sa mapawi ang dagundong ng poot, ang usok ng ligamgam at ang apoy ng paghahamok.

Nang isungaw ni Fidel ang kanyang ulo sa butas ng kanilang kublihan ay isang maaliwalas na umaga ang bumati sa kanya. Sa

Barung-Barong Ng Isang Dakila

Kuwento Ni
M. B. Mababangloob

at makapal na pinto ng silid. Ang mga anak niyang dalaga at binita, sina Mercedes at Manuel, ay kapuwa nakaupo sa magkatapat na mesadora, nguni't hindi sa pinto ng silid nakatingin kundi sa kanilang ama.

Sa malas ng dalawa ay tila nakapaglalog ang paningin ni Fidel sa makapal na pinto ng silid, kaya udyok ng kabataang lipus ng pag-asa, nagkakatinginan silang magkatapatid at nagkakangitian pa sa mga sandaling yaon na banaal sa kanilang mga magulang.

Si Fidel ay isang karaniwang mamamayan. Isang karaniwang tao na may karaniwang kalagayan sa lipunan at may karaniwang pamumuhay. Nguni't sa paninilawala at sa gawain ay may mga pagkakataong naiiba siya sa karaniwan. Ang gayon ay itinuturing ng kanyang mga anak at ilang nakakakilala na bunga ng kanyang papalipas na kasiglahan.

Sa paghihintay ni Fidel sa labas ng silid ay isang malungkot na pangitain ang bumabagabag sa ala-ala. Isa siya sa mga nakadarama sa lumulubhang kalagayan ng mga pangyayari sa daigdig. Nag-aapoy na noon ang digmaan sa Europa at halos nanganganib na rin ang kapayapaan sa Pasipiko.

Parang nakikita ni Fidel ang larawan nilang mag-anak sa katauhan ng mga nagdurusang kaluluwa sa Europa at Tsina dahil sa digma. Kaya't siya'y napailang na kasabay ng pagluwal sa maliwa-

kabila.

—Ano ang ating gagawin? —naitanong ng maybahay ni Fidel pagkapawi ng sindak nito sa unang bombang nagpayanig sa Maynila.

—Ano pa kundi ang lalong ma-
buti sa ating palagay.

At mula noo'y naging mabagal ang takbo ng mga sandali. Bawa't pangyayari ay may ulap ng pag-aagam-agam.

* * *

Isang araw na abala ang maraming mag-anak sa pagliligpit ng pagkain ay lumapit si Manuel sa kanyang ina at ipinagtapat ang nalalapat niyang paglayo upang tumugon sa tawag ng bayan.

Nang dumating si Fidel at ibalita sa mga hinlog na pansamantalang matitigil siya sa pamamasukan ay nagbantulot si Manuel sa pagpapaalam. Nguni't nabigo ang pag-asa niyang malabis na ipagdaramdam ng ama ang kanyang paglisan nang ito ang mag-sabi sa kanya ng tunay na nilo-
loob.

—Ngayon ay dumating naman ang pagkakataon ukol sa iyo, Manuel,—ani Fidel.

* * *

Lumipas ang mga buwan.

Si Manuel ay bumalik sa dati nilang tahanan na halos ay kalansay ang pangangatawan. Ang dating bakuran nila ng sari-saring bulaklak ay napalitan ngayon ng mga halaman ng pagkain sa pag-sisikap ng kanyang ama at ni Mercedes.

Hindi gaanong nagtagal at sa

aanak.

Sa kabutihang-palad, ang mga tanim ni Fidel sa dating bakuran ay ipinaubaya sa kanila ng mga kawal, kaya nagkaroon sila ng pang-agdong-buhay sa mga araw na yaon ng kagipitan.

Sa mag-amang Fidel at Manuel ay napakabagal ang paglipas ng mga araw. Kapuwa sila may inalagaang pag-asa sa kanilang dib-dib; pag-asa na muling sisikat ang makatarungang araw.

—Ang araw na yaon ay daratal at ipagdiriwang ng sangkatauhan, —malimit masabi ni Fidel.

—Gayon nga po ang pag-asa ng marami, nguni't bakit ninyo nasa-bi ang gayon? —tanong ni Manuel.

—Sapagka't sa pag-asang iyan kaya tayo nagpipilit na mabuhay...hindi man ukol sa atin ay sa mga maiiwan natin.

Subali't ang pag-asang yaon ay inilalayo naman sa katotohanan ng mga pangyayari sa araw-araw.

Tumataas ang halaga ng mga bilihin, dumarami ang nagkakasakit, kumakapal ang mga nasasawi, pahigpit ang mga pamalakad at paikli ang landas na nalalakaran.

Hanggang sa unti-unti na ring naubos ang pagkain, nangabansot ang mga halaman, natuyo at naging yagit.

Ang digma ay muling nagdiwang sa kanyang sarili.

Nagpaangil ng mga punlo at nagpasiklab ng mga pamuksa.

Ang mag-anak ni Fidel ay san-

malayo ay natanaw niya ang matatangkad na kawal. Sa malapit ay ilang kababayan ang kanyang nakita, mga kawal din na kahalubilo ng karaniwang mamamayan.

Nguni't matagal na napako ang kanyang pansin sa naghambalang na bangkay sa dakong dinaanan ng mga una niyang nakita.

Tinawag niya ang kanyang maybahay, si Mercedes, si Manuel at ang kanyang bunso.

—Salamat sa Diyos at tayo'y nakaligtas —ang sabi ng maybahay ni Fidel.

—Mababalik na uli ang lahat, —ani Mercedes.

—Maraming bagay ang mababalik nguni't ang dating kaluluwa ay hindi na —mahinang tugon ni Fidel sa anak na dalaga.

Ang buong mag-anak ni Fidel ay nagbago ng pangangatawan, maliban sa mga mata nilang nangingislap sa kagalakan, ay larawan silang lahat ng mga taong sawing-palad.

Si Fidel ay lumakad sa dakong harapan ng kanyang barung-barong at buhat dito ay tinanaw ang dati nilang malaking tahanan. Datapwa't kalansay na lamang nito ang kanyang nakita—ang apat na haliging bato, ang hagdanan at kapisang dinding sa harapan. Ang dating kabahayan ay isang tumpok na lamang ngayon ng mga siim na nagkayupi-yupi.

Sa balintataw ng kanyang mga mata ay nagbangon ang dating maganda at tila palasyong lara-
(Nasa pahina 19 ang karugtong)

Ang Digmaang Susunod

Simulat Ni
L. MAGSARILI

Isang bagay na lubhang nakapupukaw ng loob ang pangyayaring gayong katatapos pa lamang ng digmaang itinuturing na lalong pinaka-malupit sa lahat ay pinag-uscapan na ang susunod naman, na, ayon sa taya ay magiging higit na masidhi kay sa lalong pinaka-malupit.

Aywan kung ano ang pinagbatayan ng ilang may loob na mahihina na nag-aakalang ang susunod na digmaan ay "digmaan ng mga atomic". Kung ito raw ay natuklasan ng Estados Unidos ay di maaaring di-matuklasan din ng iba namang bansa, ng Rusya sa halimbawa. Ngunit kami'y hindi naniniwala. Higit sa lahat ng bansa, ang Estados Unidos ay siyang lalong nag-aangkin ng budhing makatao at siya na rin ang unang iiwas, kung saka-sakali, sa isang digmaang ang gagamiting sandata ay katulad ng napilitan niyang gamitin sa kaaway na buhong at maka-hayop.

Hindi rin kami naniniwala na ang digmaan ay magiging pandaigdig na naman. Manapa, sumiklab man iyan, ay magiging pang-isang panig na lamang ng sinukob. Maaari nga, dili ang hindi, na mapasangkot na naman ang maraming bansa, ngunit hindi na magiging katulad ng nakaraan, at ang mga bansang mapapasangkot na rin ang gagawa ng lahat ng paraan upang mapisan sa isang tipak na pang ang larangan ng paghahamok. Ang tanging aabot sa malawak na saklaw ay ang buntot na karaniwang hila-hila ng alin pa mang digmaan at iya'y ang nauukol sa mga suliraning pangkabuhayan ng mga hayon at ng mga tao.

Kung pag-uukulan natin ng matining na pag-aaral ang sali-salimuot na mga pangyayaring lumalantad sa ating panamdang pagkarakang matapos ang huling digmaang pandaigdig ay mauwi sa dalawa ang maaaring maging uri ng digmaang susunod. Ang una ay maaaring tawaging digmaan ng mga lahi at iya'y magbubuhay sa pagbabangon ng maliit na bayang sa mula't mula pa'y sinakop na ng mga bansang may sariling lakas at ang ikalawa'y maaari namang tawaging digmaan ng oso at ng agila at iya'y manggagaling naman sa

paglulungati ng baw't panig kung alin sa mga simulaing niyaka ng baw't isa sa kanila ang dapat maghari't lumaganap sa daigdig, kung ang sa Demokrasya o ang sa Komunismo

Ang pagbabangon ng mga bansang maliit na nakalaganap sa malawak na Pasipiko, lalong-lalo na yaong binubuo ng mga pulong saklaw noong unang panahon ng tinawag na Sangkapuluang Malayo, ay ikinababahala na ngayon ng mga bansang sa kanila'y sumasakop. Unang nagparamdam ng yanig at nagparinig ng hudvat si Dr. Soekarno ng Haba at sinundan naman ngayon ng makahulugang panawagan ng Pangulo ng Kongreso sa buong Kaindiyahan na si Jawamalul Nehru. Ang kay Soekarno ay pangkamalayuhan. Ang na ito ng Dulong Silangan. Sa kay Nehru ay pambuonng kasalarawan ng Asya. Sa nangyayari sa Haba ay kasalukuyang nayaya-

nig ang Molukas, ang Selebes, ang Sumatra, ang Borneo at maaaring nayayanig na rin pati ng Nueva Ginea at Maryanas. Dahil diyan, ang mga olandes, mga ingles at pranses na may-kinalamang sa pananakop at pagsasamantala sa mga bayang ito ay napipilitan ngayong maglaro sa isang tuntungang di-mapanatag, manapa ay mabuway.

Banal na mga simulain ang sinasagisag ng kilusang ito ng mga lahi. Kung ang ibinandila ng mga magkakaanib sa digmaang kaniyang pinagwagiha'y ang mga dalang kilang tuntunin ng Demokrasya ay walang dahilan upang manatili ang paniniil ng mga taga-Olang at taga-Inglaterra sa mga bayang kanilang inaalipin sa panig araw na sila'y magmatigas, ang titis sa Haba ay lalagablab at ang sunog ay lalaganap sa buong Ka-

malayuhan. Kung ano ang magiging bunga? Diyos lamang ang makaaalam. Ang kay Nehru ay pagbuhay lamang sa "Greater East Asia Co-Prosperity Sphere" ng Hapon. Ang pamamatnubay at pamamaraan ng Hapon sa lalaking ito ay mali, masama at kinapootan ng mga bansa na ring kunwa'y kanyang tinutubos. Ang ibig ni Nehru ay buhayin ang lalaking ito sa ibang pamamaraan. Sa dalawang lalaking ito, ang Estados Unidos ay nagmamamid, at ito marahil ang sanhi kung ano't hiningi na sa Kongreso ng Kagawarang Digma na huwag bitawan ng Estados Unidos ang Guam, ang Kodiak, ang Adak, ang Balboa, ang Saypan, ang Tinian, ang Iwo Jima, ang Okinawa at ang Manus upang maging saligan ng kanyang mga kilos, kung saka-sakali, bukod pa ang Haway at ang Pilipinas. Sakaling ang Olanda, Inglatlata at pati na Pransia ay magmatigas, ang Estados Unidos na may damdaming maka-tao ay siyang magiging agka, hahalang, at lalagay sa panig ng mga bayang api, sa pamamagitan ng kanyang diplomasya at sa pamamagitan ng lakas kung kakailanganin.

Anupa't tiyak na masasabing hindi gaanong mapanganib ang digmaan ng mga lahi. Ang dapat pangambahan ay ang digmaan ng oso at ng agila. Lahat ng pangyayari ay naghuhudyat sa atin na tila ito'y hindi maiiwasan. Ang "guerra civil" sa Tsina ay maaaring siyang maging titis.

Ang pangamba sa digmaang ito ay nagsimula noong pang di magkaunawaan sa panayam na idinaos sa Londres ng mga Ministro ng Estado. Ang pinagbuhatan ng di pagkakaunawaan ay si Molotov ng Rusya. Ito'y pinatunayan ng Kalihim Byrnes ng Estados Unidos sa kanyang ulat na ginawa. Ganyan din ang patotoong ginawa ng Ministring humarap sa Kamara de los Komunes.

Gaya nang batid na natin, ang "guerra civil" sa Tsina ay pinag-haharapan ng kuomintang at komunista roon. Itong huli, ayon sa napatutunayan, ay ibinubuyo at tinutulungan ng Rusya. Sa isang dako, ang kuomintang ay tinutulungan ng E.U. Sa isang (Nasa pahina 20 ang karugtong)

Sa Pakpak Ng Nobyembre

Tulâ ni RUBEN VEGA

Noon ay Nobyembreng pagkásaklap-saklap
Nang kunin ng dilim ang kaisáng-palad.
Tandang-tanda ko páng kami'y magkayakap
Nang ang huling-pati ay kanyáng binigkás:
"Sa aking pagpanaw, usahan mo liyag
Ako'y magbabalik kung gabíng magdamág..."
Nanaw pa sa labi ang pilit na galák
Nang ako'y maiwang luha'y nalalaglag!

O, kay pait niring pagsinta'y magbangon
Sa luksang gunita ng isang kabaong!
Para kang ulila't malamlám na tinghóy
Sa pusod ng gabíng ulap ay nagbuntón;
Lusog ng katawa'y kandilang naluoy,
Nahumpák ang pisngi sa luhang dumalóy!
O, ang kalarawa'y sangkurós na kahoy
Na binubukbók na sa tinaghóy-taghóy!

Kasabáy ng aking lubusang pagpangit
Ang parang agunyas na tunóg na tinig
Naglitáw ang butó sa yayát kong dibdíb
At di na madamá, sa pulso, ang pintig!
Subali, ang puso—sariwa't marikit—
Bulaklak ng dating tapát na pag-ibig:
Kung gabíng may buwán ay may isáng awit
Ang awit ng aming huling pagniniig!

Ang Nobyembre'y muling nagbuká ng pakpak
Nagsabog ng lamig at lantáng bulaklak...
Nakatungkod akóng sa puntód ng Liyag
Nagtangkáng magsabit ng magandang galák.
Nguni, abá? Naku! ang aking namalas
O, Kuagong pasugo ng aking bagabag!—
Matapos sa dibdíb, ang puso'y tinuklap
Uwák, sa libíng kóng nagbantáy magdamág!

Sa nayon ng Tatlong Niyog ay waláng hindi nakakakilala kay Didang. Siyá ang tala ng nayon, siyá ang malimit mamatnubay sa mga pagdiriwang at kaysayahan, siyá ang lagi na lamang nangunguna sa pangkát ng mga dalagang tumátanggáp sa mga panauhing pinuno buhat sa kabayanan na dumádalaw roon paminsan-minsan.

Nakapagbibigáy-puri sa nayon ng Tatlong Niyog ang kagandahan ni Didang. Kung may pag-sasayá sa kabayanan ay malimit na siyá ang pinagsásadya upang dumalo lamang at nang mabigyan ng buhay ang pagdiriwang. Sa mga pagtitipon, ang kaniyang pagdalo ay sapat nang sanhi upang magkagulo ang mga bina-ta, maging sa nayon o sa bayan.

Bagamá't marami ang nagná-nasang makamtán ang kaniyang puso, ay nakapagtátaká kung bakit waláng makapaglakás-loob na magpahayag ng pag-ibig kay Didang. Hindi sa mapagmalaki si Didang, sapagká't ang totoo ay nápakatamis ng kaniyang ugali; magiliw makiharap at makipag-usap sa bala na. Kung gaano kagandá ng kaniyang anyo ay gayon din ang kaniyang kalooban.

Nguni't nagkakáisa ang palagáy na ang lalaking nárarapat umangkin sa puso ni Didang ay isáng lalaking may maraming katangian, isáng nakapag-aral at mariwasa, isáng makapagdudulot sa kaniyá ng kaligayahang maá-ari niyáng naisin. At ang bawá't binata sa nayon ay nakátá-talos ng sari-sariling kakulangán: sa palagáy nilá ay alangán siláng lahat kay Didang, at sa gayo'y manánatili na lamang na humahanga silá nang palihim, buhat sa malayo.

Ang ganitong kalagayan ay matátagalán sana bago mag-ibá kung hindi dumating si Kanor—ang kaisá-isáng anak ng tininti sa nayon na si Kabisang Tano. Si Kanor ay nag-aaral sa Maynila, nguni't nang sumikláb ang digmaan ay napilitang huminto at umuwi sa sariilng nayon na malayo sa kabihasnán at hindi abot ng labanán.

Ni hindi nákilala ni Kanor ang itinuturing na pinakamagandáng dalaga sa nayon ng Tatlong Niyog. Paano'y musmos pa siyá ay pinapuntá na ni Kabisang Tano si Kanor sa Maynila sa isá niyáng amain at doon pinapag-aral. Maáaring noong malhiit pa silá ay nákilala ni Kanor si Didang, nguni't ito'y hindi na niyá natatandaan at wala namán

siyáng pagnanais na tandaan pa—kung hindi niyá nákatagpo si Didang sa isáng pagdiriwang sa kaarawán ng patron ng kaniláng nayon.

At si Kanor na maluwát nang nahirati ang mga matá sa nagti-timpalakang dilág sa siyudad, ay waring nabigla at nagulumihan, napuno ng pagtataká, nang mákita niyá si Didang sa kapilya sa unang pagsimbá niyá roon.


Kaniyang sinundán ng tingin si Didang, nguni't hindi siyá nagpahalatang siya'y naaakit sa kaniyang tagláy na kagandahan, bagamá't siyáng totoo. Karaniwang-karaniwan ang pagkakápusod ng buhok, waláng kulay na ortipisyal ang mga pisngi, hindi ahít ang kilay, ang bistidong suot

wala ang kabiyák ng puso. Hindi. Kailangang si Kanor ay matipag-isáng dibdib sa isáng dalagang tagá-Tatlong Niyog—at ang dalagang iyan ay dapat na maging si Didang. Ito ang náisisip ni Kabisang Tano simula pa nang bumalik si Kanor sa kaniláng nayon.

Nagbigáy ng handaan si Kabisang Tano sa kaniyang mariwasáng táhanan. At sa pagkaká-taong ito ay dumalo si Didang—bagamá't ayaw niyá, sa dahiláng baká isipin ng kaniyang mga katulaga na nanánabik siyáng mákakilala ng anak ni Kabisang Ta-

nor at si Didang—nang ang una'y dumalaw sapagká't hindi makatiis sa pangungulila at pagkaba-got sa sariling táhanan, sa damapa ng dalaga.

Nang umagang yaon ay naglálaba si Didang at di niyá akalainsi dárating sa ganoong sandali si Kanor. Patakbo siyáng nagtungo sa kaniláng silid. Sinalubong si Kanor ng amá ni Didang at siya'y pinatuloy. Nagkumustahan ang dalawáng lalaki. Náwika ni Kanor na nápakatahimik nga palá dito sa nayon, hindi katulad sa Maynila na nápakagulo. Baká namán kayo'y mainip dito, ang paalala namán ng amá ni Didang. Hindi po namán marahil, ang tugon ni Kanor. Palagáy ko po ay mawiwili ako dito, ang dag-



Ang Tala

ay maluwág na maluwág sa katawán—iyán ang unang pagká-kita ni Kanor kay Didang. Nguni't anong gandá, ang hanga kapagdaka ni Kanor. Sa buong itinagál ng misa ay hindi máwaglit sa kaniyang alaala ang larawan ni Didang, nguni't hindi siyá nagpahalata kay Kabisang Tano, na kasama niyá sa pagsimbá, na naliligalig ang kaniyang kalooban, na siyá'y natigatig sa kagandahan ni Didang—sapagká't hindi ba siyá galing sa lunsod na nápakarami ng mga dalagang higit na magandá, mayaman at nag-aral kaysa kay Didang?

Datapwa, kung hináhangád man niyáng umiwasna mákilala si Didang ay hindi palá namán nababatid ni Kanor ang iniisip ng kaniyang amá. May matanda nang paniniwala si Kabisang Tano na ang nárarapat maging asawa ni Kanor ay isáng tubo sa kaniláng nayon—sapagká't ang mga dalaga sa Tatlong Niyog ay subok na sa kasipagan, sa kalinisan, sa kapurihán at sa katapatan. Hindi niyá nais mákitang mag-uwi si Kanor ng isáng dalagang tagá-Maynila na di marunong gumawa sa pamamahay, waláng ináatupag kundi ang mapagandá ang sarili at maingatan ang ano mang gandáng tinátagláy, at pagkatapos ay makikipagtalamtam pa sa ibáng lalaki kung waláng magawa at kung

no na karáring pa lamang buhat sa Maynila. Nguni't mapili ang anyaya ng tininti ng nayon, at ang mga magulang ni Didang na rin ang siyáng nag-atas sa kaniyá.

—Baká namán sumama ang loob ni Kabisang Tano—ang wika pa ng amá ni Didang.

—At ang isá pa—ang dugtong namán ng kaniyang iná—baká sabihing nagmámalaki ka, Didang. Lalong pinamulahán ng mukha si Didang nang sa hapag na inihanda ay maupo na. Doon pa namán siyá pinaluklok sa kalapit ni Kanor.

—Talagá yatang isinusubo ako—ang sabi namán ni Kanor sa kaniyang sarili, at hindi halos makatingin sa kaniyang kalapit na ang kagandaha'y hindi maá-aring di pansinin. Ayaw siyáng magpahalata sa dalaga na sa mga sandaling iyon ay náububuyo na ang kaniyang kalooban sa paghangang kay Didang at náramdamán niyáng may sumisibol na damdamin sa kaniyang puso na noon lamang niyá nádaramá. Nahuhulaan na niyá sa kaniyang sarili na ang kaniyang amá ay hulog na hulog ang loob kay Didang at nahihiwatigan niyáng dito siyá ipinupulok, at náwika na lamang niyáng ang kaniyang amá palá ay mabuting pipili.

Nakaraan ang mga tatlong araw bago nagkitang muli si Ka-


dág pa na waring idinidiin. Násaán po ba si Didang? ang habol ni Kanor, na kákabá-kabá ang dibdib sa pangangambang baká wala roon.

Tinawag ng amá si Didang sa silid. Yaon palá namá'y nakapagpalit na ng damit at nakapag-ayos-ayos na, kaya nang lumabás ay nápakagandang pagmalasin. Napatayo si Kanor sa pagpasok ni Didang. Sumikdo ang kaniyang dibdib sa pagkakámalas na muli sa kaakit-akit na anyo ng dalaga at noon pa'y natiyák niyáng siyá'y lubháng magiging malungkot sa habang panahon kung ang puso noon ay hindi niya makakamtán.

—Mabuti po namán at nákita ninyo ang aming táhanan. Sulok na sulok itong sa amin,—ang bukás ni Didang.

—Pag hinahanap po ay hindi maáaring mawala. At kahit anong layo ay tiyák na mararating. Hindi ko ba kayo naabala sa inyong gáwain?

—Abá, hindi po. Kayo nga



ang aking inaalala, marahil ay napagod pa kayo sa pagpunta rito.

—Wala pong halaga kung ako ma'y mapagod, sapagka't makita ko lamang kayo ay nawawala nang lahat iyon—at pinakatitigan si Didang.

Hindi nakaimik si Didang; namula siya nang bahagya. Tila may ibig nang sabihin, ang sa sarili ay naisip niya. Mahihirapan siya, ang wika pa rin sa sarili. Ibinaling ang kaniyang paningin sa mga bulaklak na nasa tapat ng durungawan.

—Ang digmaan po pala ay may magaling na nagagawa—ang wika ni Kanor.

—Bakit po? Hindi po ba napakasama ng digmaan na nakama-

mang marahil ang pangyayaring hindi nakaabot sa mataas na paaralan. Nguni't ano namang halaga ng karunungan kung iyon ay hindi makapagpapabuti sa ugali? Mabuti pa ang isang mangmang na maganda ang loob kaysa isang marunong nga'y laging pabalak-yot ang gawa at iniisip.


Sa kabilang dako namán ay sinusuri rin ni Didang ang katauhan ni Kanor. Ang isang kaibhan ni Kanor sa ibang binata sa nayon ay ang di pagkakami nito —na dalá marahil ng kaniyang pakikihalubilo sa maraming tao sa siyudad. Nguni't kahit may kaya sa buhay nang higit sa maraming naninirahan sa kanilang nayon, si Kanor ay hindi mapagmalaki, hindi maramdamin, ma-

nay na nasabi ni Kanor.

Si Didang ay hindi na maka-ngiti. Siya ang wari'y namutla, samantala namang pinamumulahan ng mukha si Kanor. Hindi umiimik si Didang na ibinaling ang tingin sa labas ng durungawan. At waring hindi na muling magsasalita pa, kaya muling nangusap si Kanor.

—Nagagalit ka ba, Didang?

Matagal bago nakasagot ang



Sa Nayon

matay ng maraming tao?

—Totoo po iyon. Nguni't kung hindi dahil sa pagsiklab ng digmaan ay hindi ko sana kayo nakilala.

—Mabuti po ba iyon?—at lihin na napangiti si Didang.

—Labis-labis na pinasalamatan ko ang pangyayaring ito. Kung hindi ako nagtungo rito at hindi ko kayo nakilala, sana ay walang maaring pag-ukulan ang aking buhay, sana ay wala nga-yong magiging laman ang aking mga pangarap. Didang, hindi mo kaya ikagalit kung may hilingin ako sa iyo ngayon?

—Bakit po ako magagalit? Wala namán kayong sinasabing masama.

—Didang, alisin na sana natin ang pagpupupuan. Ituring mong ako'y isa nang matagal na kakilala, kung hindi namán ikasasakit ng iyong loob.

—Kayo ang masusunod, eh, ikaw ang masusunod.

—Ayán!—at napangiti si Kanor. Pakiramdam niya'y nakalagpas na siya sa isang napakataas na balakid.

Makalipas pa ang ilang pagdalaw na ang layo'y mahuli ang niloob ni Didang, ay napagkilala ni Kanor na talagang si Didang ay isang kapuri-puring dalaga. Marunong sa táhanan, mabait, magiliw makipag-usap. Wala siyang maipipintás—matangi na la-

pitagang makipag-usap sa mata-tanda. Hindi maharot na gaya ng naririnig niyang gawi ng maraming binata sa Maynila.

Sa isang pagdalaw ni Kanor kay Didang ay ipinasiya niyang magtapát na sa dalaga. Gaya ng dati'y nagkakarap silá sa tabi ng durungawan na malayang pinapasok ng hanging nagbubuhay sa bukid.

—Marahil ay alam mo na ang sasabihin ko sa iyo ngayon, Didang—ang wikang marahan ni Kanor pagkatapos tingnan ng ilang sandali ang mga bulaklak sa halamanán sa paligid.

—Manghuhula ba ako?—ang tudyó ni Didang.

—Simula pa nang kita'y makilala sa handaan sa aming táhanan ay bumuko sa aking puso ang isang damdaming maluwat ko na ngayong kinikimkim. Matagal kong pinag-aralang kuyumin iyon sa pangambang baká mo ipagdamdám ang aking nadaramá sa lahat ng sandali. Nguni't batid mong mahirap paglabanan ang iniutos ng puso, hindi ba, Didang?

—Aywán ko. Wala pang iniutos ang aking puso—nakatawa pa ng bahagya si Didang.

—Iniibig kita!—ang banay-ba-

dalaga.

—Hindi namán,—ang kaniyang mahinang tugon.—Nguni't ikaw'y nagkakamali, sapagka't ako'y hindi nababagay sa iyo,—ang kaniyang dugtong na di makatingin sa mukha ni Kanor.

—Huwag ka sanang magsalita ng ganyán, Didang—ang tugon ni Kanor.—Kung ikaw'y hindi nababagay sa akin ay hindi mo na sana narinig sa aking mga labing kita'y iniibig at hindi mo na sana makikita halos araw-araw ang aking pagmumukha sa iyong táhanan. Ako pa nga ang nangangamba na baká maging alangan sa iyo. Sapagka't ikaw'y isang napakabuting babai, Didang, at ako namá'y isang lalaking walang maipangangako sa iyo kundi ang si kaping madulutan ka ng lahat ng makakaya, at isang pag-ibig na kailanma'y hindi maaring magmaliw habang ako'y nabubuhay.

—Nguni't kami'y dukha lamang. Hindi angkop para sa isang katulad mong nakapag-aral at nakaririwasa sa buhay.

—Huwag mo sanang papagdu-guin ang aking puso, Didang. Kung maári lamang ay itatak-wil ko ngayon ang lahat kong napag-aralang wala namáng ti-

yák na pakinabang na náidudulot sa akin kundi ang maging dayuhan sa sariling nayon at sa mga pang-araw-araw na gawain sa táhanan, upang malaman mong ikaw'y tunay kong iniibig. Oo nga't nakaririwasa ako sa buhay, nguni't magiging sagwil ba iyon sa aking pag-ibig? Hindi ka ba makikihati sa ano mang biyayang maaring matamo sa mga iyon? Kung nais mo'y mamumuhay tayo nang sarili—hindi ako hihingi ng tulong ng aking mga magulang. Mamumuhay tayo ng dukha—kung siyang makapagpagaán sa iyong puso—ang paliwanag ni Kanor.

—Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Ang ibig ko bang ipayo sa iyo ay humanap ka ng isang katulad ng iyong katayuan, sapagka't maaring ikahiya mo lamang ako sa harap ng iyong mga kaibigan.

—Mga kaibigan! Kung nalalaman mo lamang na sa siyudad, ang mga kaibigan ko'y naging kaibigan ko lamang dahil sa salapi. Nguni't ang mga kaibigan ko dito sa nayon ay kaiba, sila'y mga tunay na kaibigang hindi magbabago ng palagay sa akin at lalo pa akong papupurihan sapagka't ang pinaghandugán ko ng pag-ibig ay isang babaing maipagmamalaki at magiging hiyas ng aking táhanan.


—Lubhang mataas ang pagpapahalaga mo sa akin.

—Sapagka't siya lamang narapat tanggapin mo, Didang.

Hindi napasagot ni Kanor si Didang. Pag-aaralan pa raw muna. Titimbangang mabuti ang kaniyang magiging pasiyá. At si Kanor ay umuwi na wala pa ring katiyakan, nguni't nasisiyahan sa pangyayaring sa wakas ay napalaya rin niya ang damdaming sa mula't mula pa'y bumabagabag sa kaniyang puso. Ngayon ay nasa kamay na ni Didang ang kaniyang kaligayahan. Kung masisinag lamang sa kaniyang puso ang tunay na nadarama ni Kanor, ay walang nararapat ipasiya si Didang kundi ang tanggapin si Kanor.

Lumipas pa ang maraming mga araw. Sa malimit na pagdalaw ni Kanor kay Didang ay di pa rin niya matamu-tamo ang kasagutan ng dalaga. Wari nga bang siya'y "isinasabit sa balag ng alinlangan." Bagama't nakikita ni Kanor na walang lumiligaw na iba pa kay Didang, sa dahilang marahil ay batid na ng buong na-
(Nasa pahina 19 ang karugtong)

Kuwento Ni
ERNESTO RICAFORT



Ang--MAY--DU

"Buong puso kong ipinagtatapat na nang mga sandaling yaon ay masasabing wala ako sa aking sarili. Aywan kung bakit. Kumakain lamang ako ay ano pa. Ang tunay na hinihintay, at marahil ay siyang nang mga sandaling yaon'y tanging makabubusog sa akin, ay ang pagpapahayag na ako'y inibig ng lalaking aking kasalo. Ni hindi ko naisip na baka sa ami'y may makakitang kakilala ng aking ama't ina na sukat makapagbalita na ako'y may lalaking kaulayaw sa oras ng pagkain. Hindi. Talaga nga palang ang pag-ibig, kaipag siyang namayani sa puso, ay walang naaalaalang anuman liban sa lalaking kinahihiligang ng loob. Kung si Silvino'y katulad ng iba, *mabilis at matiksi*, gaya nang madalas kong maringig sa aking mga kasamahan, noon pa'y nakilala na niya disin na ako'y ari't sarili niya. Nguni't alinsunod sa aking pakiwari'y iginagalang ni Silvino ang aking kalagayan at pinamimitaganan niya ang aking pagkadalaga. Napansin kong nag-aalangan siya sa lahat ng bagay na may-kinalaman sa pakikitungo sa akin. Tumayog tuloy ang aking pagkakilala sa kanya at sa sarili'y nasabing si Silvino'y talagang may malinis na hangarin sa akin. Hindi siya kabilang sa nagkalat na lalaking mapaglaro at mapagsamantala. Samantala'y naglalatang ang init ng pag-ibig sa aking puso.

"Kaya...
 "Sa kanyang mga pag-aalangan ay ako na ang nagbigay dahilan upang ang aming pag-usap ay magawhi sa dakong pinakahihintay-hintay ko.
 "Magmadali tayo sa pagkain—ang wika ko.
 "Bakit naman? — itinanong niya.
 "Baka may makapagbalita sa nobya mo na may kasalo kang babai.
 "Kaululan!—ang buhay na buhay ang loob na nasabi niya na sinundan ng isang tawang nakapagbigay ng dahilan sa aking pagtitiwala.—Ako'y wala pang nobya hangga ngayon...
 "Wala?
 "Oo, talagang wala...
 "Talagang-talaga?
 "Sumpa ko!
 "At itinaas pa ang kanang kamay na nakabukas ang palad.
 "Napangiti ako. Matagal na ipinako sa akin ang kanyang mga mata. At dahil sa ako'y hindi umiimik, siya'y nagpatuloy.

"Upang sabihin ko sa iyo ang totoo, Tuding, ay ngayon ko lamang nakilala ang babaing ma-laon nang aking hinahanap.
 "Naku, sinungaling...
 "Maniwala ka...
 "At sino ang babaing iyan?
 "Kilala mo!
 "Kilala ko?
 "Oo, kaibigang-kaibigan mo pa.
 "Sumasal ang kaba ng aking dibdib.
 "Isa ba roon sa kasalo natin sa pagkain kahapon?
 "Oo.
 "Sumiklab sa puso ko ang apoy ng panibugho. Naisip kong si Silvino pala'y nakatagpo namin sa restoran sa San Luis, hindi sapagka't ako ang hanap kundi ang isa sa aking mga kasama Nawalan ako tuloy ng gana ng pagkain. Ako noon ay nasa isang kalagayang hindi pa man ay naninibugho na. Sinasabing ang panibugho ay pag-ibig. Sukat na ngang makuro ng sinumang makababasa nito kung anong uri ng pag-ibig ang namumugad sa puso ko noon. Uri ng pag-ibig ang sabi ko sapagka't ayon sa ilang babai ang pag-ibig ay may iba't ibang uri...
 "Nahalata marahil ni Silvino ang malaking pagbabago ng aking pakikiharap sa kanya. Ang ginawa'y kumutsara ng sabaw at...
 "Tuding—anya, at ang kutsara niyang hawak ay itinapat sa aking bibig.
 "Ako'y pumitlag.
 "Tse!...
 "At iningusan ko siya.
 "Baka ka makita ng kung sinong babaing iyon...—ang patapon ko pang salita.
 "Ibig mo bang makilala?—ang tanong niyang nakatawa pa sa akin.
 "Oo...—matigas kong sagot.
 "Kung makilala mo, ano ang iyong gagawin?
 "Aba, wala...

"Bakit mo ibig makilala, kung gayon?
 "Babatiin ko...
 "At bakit mo babatiin.
 "Sapagka't... wala! sasabi.
 "Kung gayo'y tingnan mo—ang nakangiting sabi at itinuro ang malaking salamin na nasa gawing kanan ng kinauupan ko;—ayan ang babaing sinasabi ko sa iyo.
 "Walang-wala naman sa loob ko ang aking pagkakatinging iyon! Sa salaming kanyang itinuro ay wala akong ibang babaing nakita kundi ako. Tanging ako lamang!
 "He, bastos!—ang nawika ko.
 "Aba!
 "Kung iyan ang babaing sinasabi mo ay nagkakamali ka.
 "At bakit?
 "Sapagka't sa puso ng babaing iyan ay may isa nang nagmamay-ari.
 "Siya naman ang nakita kong tila nawala sa kanyang sarili. Ang matinding lungkot na sumapuso niya'y nabakas ko sa kanyang mukha. Natuwa ako, at naisip na gantihin ko ang ginawa niya sa akin.
 "Kung gayo'y napakasawi kong palad—ang malungkot at pabuntong-hininga niyang nasabi.
 "Kung iyan ang palagay mo'y wala akong magagawa—ang wika ko naman.
 "Hindi siya nakaimik.
 "Ang paningin ko'y nakapako sa kanyang mukha. Noo'y napatunayan kong siya'y umiibig sa akin. Ang aking sinabing *may nagmamay-ari na* sa puso ng babaing nakita ko sa salamin ay napansin kong naging isang sulira-ning mabigat para sa kanya. Siya'y malungkot na malungkot at ang luha'y halos tumulo. Naawan naman akong kung papaano.
 "Oo, napakasawi kong palad—ang muli niyang sabi.
 "Wala akong magagawa—ang ulit ko naman.
 "Nguni't sino siya?—mausig na tanong,—kilala ko ba?
 "Marahil.
 "Sino nga?
 "Tingnan mo.
 "At ako naman ang nagturo sa salamin.
 III
 "Buhat noon ay ipinalagay kong si Silvino ay akin at ako naman ay kanya. Ang totoo ay naging matamis ang aming pag-iibigan. Minamahal ko siya at ako nama'y kanyang minamahal din. Ang pagmamahalan naming ito ay hindi na nalingid sa aking mga kasama sa Unibersidad dala palibhasa na pangyayaring sa tuwing tanghali halos ay nakakasalo namin si Silvino. Isa tuloy sa mga kaibigan ko ang nakapagsabi ng ganito:
 "Sabi ko nga ba't sunson de pinsan-pinsan e...
 "Kapisan!—ang sabayang tungon naman ng iba sa hawig na mapanukso.
 "Ako'y napapatawa lamang.
 "At bakit, iisa't dadalawa ba ang magpipinsang nagkakamahan—ang naisasagot kong madalas sa kanila na waring ipinagmamalaki ko si Silvino.
 "Nagkikindatan lamang ang aking mga kasamahan sa klase kung nariringig na sinasabi ko ito sa kanila. Bukod sa riyang ay hindi ko na naman naipagkaila ang aming pag-iibigan. At bakit ko nga ipagkakaila? Sila man ay may mga nobyo na rin.
 "Di naglipat-linggo at napansin ng aking ama ang ayon sa kanya'y tila kakaiba kong kilos. Maaaring siya'y may talagang napupuna sa akin. At totoo naman. Madalas na natitilihan ako. Madalas na di makakain. Pati ng aking ina'y napansin kong tila nakikiramdam sa aking mga gawiat kilos. Di sasalang siya'y kinapang usap ng aking ama. Pagkapuna ko sa gayon nilang pakikimatyang, ako nama'y nagpakaingat na mabuti at binuo sa loob na ako'y di kikiilos ng iba kay sa karaniwan. Nagtagumpay naman ako, at pagkaraan ng ilang linggo pa ay di na nila minata-mataan.
 "Gayon man, isang gabi ay muling inulit ng aking ama ang pangaral na nagawa na niya sa akin. Idinugtong pang magiging subyang sa puso niya ang alin mang kasaliwaang-palad naming mag-

SANG-PUSO

Nobela
Ni
INIGO ED.
REGALADO

kakapatid at muling inulit na sabihin sa akin na siya'y walang ibang magiging kaligayahan sa buhay kundi ang pagiging mapayapa ng aming tahanan at ang tagumpay at kapanatagan sa buhay naming mga magkakapatid.

"At ang sabi pa ng aking ama:

"—Wala akong pinakasiikap sa buong buhay ko kundi ang mapanatiling tahimik at marangal ang ating tahanan, pakasikapin naman ninyong mamalagi ang karangala't katahimikang iyan.

"Ako'y nangako sa kanya na aywan ko ba kung bakit kasaliw ng pangakong iyan ang pagtulo ng luha sa aking mga pisngi.

"Sa isang dako, ang ina ko'y madalas na walang kibo sa akin sa hindi ko malamang sanhi. Ilan na ang kinaringan ko na ang isang ina ay lalong matunog makiramdam kay sa isang ama. Marahil nga ay di nawawala sa kanyang loob ang sapantahang may nakagugulo na sa aking isip. Nguni't ako'y nagkunwa sa kanyang ang lahat ay di ko napapansin. Ang ginawa ko'y lalo akong nagmalambing at sa sarili'y nasabing baka sa gayo'y maparam sa kanyang loob ang anumang pagwawiang-tiwala sa akin. Hinihintay kong ako'y kausapin niya katulad ng pagkausap ng aking tatay, nguni't hindi ito ginawa ng aking ina. Ang pangingilag ko ay naging gayon na lamang.

"Isang araw, kami ni Liling na kapatid kong bunso ay isinama ni Luis sa "Ideal" upang manood. Nang kami'y nasa malaking pintuan na ng sine ay nakita kong si Silvino ay tila namumutlang pasalubong sa amin. Mukhang ligalig na kung papaano. Ang unang kumutob sa aking loob ay baka may-hinana siyang kung sinong binata ang aking kasama. Kinindatan ko siya agad at pagkuwa'y sinabi kong:

"—Ipinakilala ko sa iyo ang aking kapatid—At binalingan ko ito,—Luis, isa kong kaibigan.

"Mag-utos po kayo—ang pangiti ng aking kapatid,—Luis Estrada.

"—Gayon din po naman, Silvino Landeni.

"Kinamayan din niya si Liling at inulit na sinabi ang kanyang pangalan.

"—Lilia Estrada po—ang pangiting wika ni Liling.

"—Manooed yata kayong magkakapatid?—itinanong ni Silvino.

"—Opo, naipangako ko po sa dalawang iyan na sila'y aking ipagsasama.

"—Maganda nga po ang palabas...

"Ibig-ibig kong yayaing pumasok uli si Silvino, pagka't noo'y papalabas na siya; nguni't si Luis ay kasama namin ni Liling, at ayokong magbigay ng anumang pagkakataon upang ang aking lihim ay mahalata ng kahit na sino sa aking kaanak. Nagkasiya na lamang kami sa pagtitinginan at kami naman ay tila nagkaunawaan sa pag-utos ng mga mata.

"Nguni't ang dibdib ko'y parang sinasaksak. Nang kaming tatlong magkakapatid ay nasa pintuan na ay lumingon ako upang tapunan ng huling tingin ang *binatang* nagmamay-ari ng aking puso; anuba't ang tumalampak sa aking mga mata ay buhay na larawan ng isang mag-aanak: akay sa magkabilang kamay ni Silvino ang dalawang batang naghahabulan sa laki at nahuhuli namang nakakapit sa bisig niyang kanan ang isang babaing tila ina ng dalawang bata. Napatigil ako't hinihintay na siya'y lumingon. Hindi ito ginawa ni Silvino at marahil ay wala sa loob na ako'y naiwan sa panig na kanyang pinanggalingan. Kitang-kita pa ng dalawa kong mata na si Silvino at ang babaing iyon ay nagtatawanang mabuti na tila kinatutuwaan ang lakad ng pinakamaliit na batang akay ng lalaki.

"—Mga anak kaya niya?—ang aking naitanong.

"Nang malaman kong ako pala'y naiwan ng dalawa kong kasama sa may pinto ay nang balik na lamang ni Luis. Nasok kami sa dakong loob at nang palabuin na ang mga ilaw upang mag-

simula ang palabas ay di ko malaman kung bakit parang may kung anino akong kinatakutan. Kung di lamang ako nahihiya sa dalawa kong kasama ay nagyaya na sana akong umuwi. Nagwalang kibo't nagwalang imik na lamang ako. Maganda raw ang palabas at ako'y nasa loob ng sine. Datapwa't parang wala akong nakikitang anuman. Nagkamali ako. Ang nakikita ko nga pala sa kumot na puting aking kinakaharap ay buhay na larawan ng isang mag-anak: isang amang may-akay na dalawang anak at isang inang nakakapit sa bisig ng asawa.

"—Magtutos kami—ang halos naisigaw ko. Salamat na lamang at ang pagkakapasigaw kong yaon ay napataon sa halakhakan ng mga nagsisipanood kaya hindi napsin ng dalawa kong kapatid. Nasa gitna pa naman nila ako.

"Pinilit kong ako'y maging mahinahon nang mga sandaling yaon at lalong pinakapilit na ang aking pamansin ay mapako sa palabas na pinanonood. Nguni't anuman ang gawin ko'y walang nakikita ang aking mga mata kundi ang larawang iyon lamang ng isang mag-asawang may kasamang dalawang anak.

"Sa may isang oras na itinagal na palabas ay nanatili na lamang ako sa pagmumuni-muni. "Nagkamali kaya ako?"—ang tanong ko sa sarili. Ako kaya'y nakapilit ng isang lalaking hindi na malaya sa kanyang pagkalalaki? O baka naman kaya ang hinagap ko't pangin ang siyang nagkamali? Baka ang lalaking aking tinatanaw ay hindi na si Silvino? At nasisi ko tuloy ang aking sarili. Dangan kasi, akala ko'y si Silvino ng si Silvino ang bawa't lalaking aking makita.

"Itong huli kong naisip ang siyang tila umaliw sa aking kaloo-bang nagugulumihan.

"Pagkatapos ng palabas, lahat ng nagsipanood ay waring nasiyahan sa kanilang nakita. Ang mga katagang "kay-ganda!" ay natingig ko sa bawa't bibig. Si Luis

man ay nakapagsabi nito kay Liling.

"—Kay ganda! kay ganda!...
"—Kung ganyan ng ganyan ang palabas ay hindi ako magsasawang manood—ang sabi pa ni Luis,—kahit araw-araw ay isasama ko kayong dalawa, hindi ba. Tuding?

"Oo nga—ang pangiti kong sagot.

"Wala akong naging panalangin habang kami'y umuwi kundi ang maanong huwag akong tanungin ng aking ama at ina kung ano ang aming napanood. Tunay na tunay na wala akong masasabi. Ugali na sa aming tahanan na kapag ang isa o sinuman sa ami'y galang sa isang sine, ang hindi nakapanood ay sabik na nag-uusisa, lalo pa't nabalitaan nilang maganda ang palabas. Hindi ko malaman kung ano ang sasabihin ko sa kanila. Kaya nga ba't pagdating na namin, ako'y nag-asi-asi-kot ng pagbibihis sa aking silid. Lumabás na lamang ako nang maringig na ikinukuwento ni Liling sa dalawa naming matanda ang aming nakita sa *Ideal*. Nakahinga ako ng maluwig.

"—Talagang maganda nga tatay—ang sinabi ko pa sa aking ama upang maipakilalang ako may "nakapanood" din.

"Nagbalik uli ako sa silid at pabagsak na naupo sa isang mesedora. Matagal na wala akong kakibu-kibo roon. Nagpuputok ang aking loob. Nagsisikip ang aking hiningá. Nang pumasok si Liling, ang mga mata ko'y nakapikit.

"—Bakit?—ang naitanong ng mabait, kong kapatid pagkikita sa gayon kong ayos.—Ano ang nangyayari sa iyo?

"Nang ako'y dumilat ay hindi si Liling ang lumantad sa aking mga mata. Ang kismeng aking tinitingala ay naging parang kumot na puti at ang' aninong naglaro sa aking mga mata ay naglalarawan ng amang may akay na dalawang anak at sa dakong likod ay nakasunod naman ang isang inang nakahawak sa bisig ng kanyang asawa. Naisip kong kami ni Silvino ay may salitaang magsalo uli bukas sa restourang may malapad na salamin.

"—Maglilwanagan kami!—ang tangi kong nasabi,—uusisain ko siyang pilit...

(Abangan ang karugtong sa susunod na bilang.)

Sa KUKO Ng Mga GANID

Anim na litaw, mahalaga at kilalang-kilalang tao sa Pilipinas ang napabilang sa kabuhungan ng mga asal-hayop na mga hapon na ginawa sa kabila ng ilog-Pasig. Ang apat sa kanila ay mga naging mahistrado at hukom at ang dalawa naman ay kapuwa mataas na puno ng hukbong pilipino. Tinutukoy namin ang mga naging hukom at mahistradong sina Antonio Villareal at Anacleto Diaz, ang mga hukom Arsenio Locsin Jose R. Carlos at ang mga koronel Alejo Valdez at Jose P. Guido.

Nguni't di pa iyan ang lalong nakahihindik ng balahihong katampalasan ng mga hapon.

Pakinggan natin ang salita ng isang litaw na ginang (hindi namin maaaring ihayag ang pangalan): "Sumusuko sa langit ang kasamaang inasal sa amin noong ika-9 ng Pebrero. Sa may 400 katao na tinipon ng mga kawal na hapon ay inihwalay nila ang mga babai sa mga lalaki. Sa mga babai ay pinili ang lalong magaganda, karamiha'y mga dalaga at may mga bata pang ang gulang ay nasa pagitan ng 12 hanggang 14 na taon. Sila'y dinala sa isang cafe, pinakain, nilasing na mabuti at pagkatapos ay dinala sa Bay View Hotel. At doon... doon... isa-isang ipinasok sa hiwa-hiwalay na mga silid at ginawan ng paulit-ulit na mga kahalayang huwag na ninyong hinting iulat ko pa pagka't hindi naman ninyo maaaring isulat. Wala kayong salitang maapuhap na kapit sa mga kahalayang yaon na sarili lamang ng mga hayop at ng mga taong kung may katawan man ay mga wala namang kalulwa."

Ang salaysay na ito sa amin ng nabanggit na ginang, gaya rin naman ng halos lahat ng salaysay na naihayag na namin bago simulan ang paglilitis sa sakdal laban kay heneral Yamashita, ay pinatutunayan ng mga isiniwalat ng mga saksing nagsi harap na sa Hukumang hukbo na siyang lumilitis na pinangunguluhan ng Komandante heneral Reynolds. (Ang paglilitis sa lalong karumaldumal na kahayupang inasal sa kababaihan ay dininig noong unang araw ng buwang ito at dahil sa ang mga ginawan ng kahalayang yaon ay mga kilalang babai at kabilang ang iba sa mga angkang may-pangalan ay hindi

pinapasok ang mga tao maliban sa mga saksing pawang mga babai).

"Hindi ko malaman kung si mahistrado Villareal ay talagang hinihila ng signos. Siya, kasama ng kanyang magandang asawa na kabilang sa nagingning na mga tala ng ating matataas na lipunan, ay kasama ko sa bahay sa Abenida Taft, nang walang anuano ay sinabi sa akin na "tayo'y lumayo sa kamatayan," at ako'y niyayang magtungo sa gawing labás ng Maynila, sa Pasay, anyang kung maári. Ang tangi kong naitugon ay "baka po ang paglalyong iyán sa kamatayan ay magiging paghanap sa kamatayan." At gayón nga ang nangyari alinsunod sa salaysay ni Dr. Walter Frankel. "Ganyan namán ang pahayag sa amin ni G. Evaristo Quiogue, isa sa mga nakaligtas sa awa ng Diyos, sa maramihang pagpatáy sa pook na kanyang tinirhan.

Ayon kay Dr. Frankel and PAX Court Apartment na kinaroroonan ni mahistrado Villareal ay sinalakay ng may 15 kawal na hapón at lahat ng taong inabutan ay pinaluhod sa loob ng gusali; nang sila'y nakaluhod na ay isang hapon ang nakita niyang naghagis ng *hand grenade*. Si mahistrado Villareal ay kabilang sa 19 na taong namatáy. Ang magandang asawa ng mahistrado ay nagma-kaawa sa mga kawal na hapon at sumigaw pa ng *tomodatsi*, nguni't ang iginanti sa kanya'y isang putok na ang punlo ay tumama sa liig na siyang ikinabulagta at ikinamatáy.

Sa ganyan natapos ang buhay ng isá sa mga naging ilaw ng ating mga hukuman.

* * *

Ang hukom Arsenio Locsin na lubhang kilala ng buong Maynila pagka't matagal na panahong nanungkulan sa hukumang munisipal ng siyudad ay nalagután ng hini- ngá sa bakuran ng mga Campos sa Abenida Taft noon ika-7 ng Pebrero, 1945, alinsunod sa salaysay ni Maria Campos Lopez, ali ng kilalang mamamahayag na babaing si Bb. Pilar Campos na kabilang sa mga nasawi. Dahil sa

mga nakalalagim na pangyayari at inilabás. Hindi matiyak kung ng araw na yaón ay nagpanakbuhan ang mga tao at nangubli sa ulo. Masasabing ang loob ng La nasabing bakuran. Kabilang sa Salle, sa ginawa ng hapon, ay nakanilá ang nabanggit na hukom ging isang katayán ng mga tao. Locsin. May 100 katao ang nag- Ang magandang anak ni hukom kaipun-apon doon. Ang bakuran Carlos, si Rosario Carlos, ay isá ng mga Campos ay dinaluhong ng sa mga nakaligtas ,nguni't ipina- isang pangkat na mga hapon at hayag niya na noong siya'y nakang makapasok ay walang ginabulag- bulagatang halos luwa ang bituka wa kundi ang walang pukat na ay pinagtangkaán pa rin ng isang pamamaril, pagtugis ng mga bakawal na hapón. , yoneta at paghalabas ng kanilang Ang bangkay ng maraming pi- mga sable. Sa isáng daang kata- natay sa naulit na kolehiyo ay onong naroroon ay may 30 lamang natagpuan at náilibing nguni't ang ang nakaligtas. kay hukom Carlos ay hindi.

* * *

Ang kamatayan namán ng hukom Anacleto Diaz ay nangyari sa panulukan ng mga daang Abenida Taft at Isaac Peral nang ang buhóng na mga hapon ay namaril sa pamamagitan ng kanilang masinggan. Mahigit sa isang daang katao, kabilang patí mga batang babai at lalaki, ang parang mga ibong nangalagas. Sa kanila'y kabilang nga ang hukom Anacleto Diaz, isá pa namáng paralitiko, at ang kanyang dalawang anak na lalaki.

Ang hukom Anacleto Diaz ay lubhang kilala. May matigas siyang kalooban at sa buong panahóng kanyang ipinanungkol ay walang siyang ginamit kundi ang bagsik ng katarungan na naaalinsunod sa mga itinatadhana ng mga batás. Dahil sa katangiang iyán ay siya ang hinirang noong 1929 na maging tanging tagapagsiyasat sa mga "kabulukan" ng pamahalaan sa Maynila na naging dahil ng pag-aalis sa tungkol sa ilang konsehal at sa ilang kawani ng nasabing pamahalaan.

* * *

Kabilang naman si hukom José R. Carlos sa mga tinampalasan at pinatáy sa paaralang La Salle noong ika-7 ng Pebrero. Alinsunod kay pari Francis Joseph Cosgrave, kura sa simbahan ng Maalat, nang pumasok ang isáng pulutong ng mga kawal na hapón sa nabanggit na paaralan, ang unang ginawa'y ang pikit matang pananaksak ng bayoneta sa bawa't másumpungan. Nakita ni pari Cosgrave na si hukom Carlos, kasama ni Brother Xavier, ay kinuha ng mga hapon

Natatandaán kong noong bagu- bagong nakakawala si koronel Jose P. Guido ay nakasakay ko sa karitela na patungong Santamesa. Siya'y mahina at halos di makasampa sa sasakyan. Patutungo siya noon sa bahay ng abogado Antonio Gonzalez. Ipinahayag niya sa akin ng pabulong na may lihim na katungkulan siyang ginaganáp, aywan lamang niya kung siya'y mabubuhay o hindi sa loob ng malupit na panahon ng mga kaaway. "Ako'y binabantayang mabuti—ang wika niya sa akin,—ang matutulis na kukó ng mga ganid ay nakikita kong nakaambáng lagi pati na sa aking anino; kung ako'y mabubuhay at sakaling ta- yo'y ligtas na, marami akong datos para sa iyo."

"Kung ako'y mabubuhay!" Sa mga katagang iyan ay parang naguguniguni ni Koronel Guido ang kanyang kamatayan, at ang guni- guni niya ay hindi nagkabula. No- on ika-6 ng Pebrero ay kinuha siya ng mga hapon sa kanyang bahay, kasama ng tatlo pang anak na sina Justo, Jose, Jr. at Ramon, at hindi nagbalik. Ang kanyang bangkay ay nakita na lamang nang maghukay si Juan Gonzalez sa gawing likuran ng dating pag- gawaan ng papel ng mga hapon sa Singgalong. Alinsunod sa ayos ng nahukay na bangkay, si koronel Guido ay pinahirapang mabuti ng mga kaaway bago inutás.

Alinsunod sa pahayag ng asawa ng nasabing koronel, noon ngang ika-6 ng Pebrero ay 18 kawal na mga hapon ang naghalughog sa kanilang tahanan. Nang makita ang isang unipormeng kaki ni G. Guido ay nilabnót at sinunog. Tinalian ang mga kamay ng koronel at ng tatlo niyang anak at

Sinulat ni

J. SANTOS MADLANGBAYAN

dinalá: Kinuha pa rin sa kanilang sisidlan ang halagang P5,000.00. Ninakaw! Palibhasa'y halos himatayin noon si ginang Guido kung kaya't hindi na niyá nalaman kung ano pa ang ginawa sa kanyang asawa't mga anak.

Si koronel Guido ay siyang Gran Maestre Delegado ng Gran Logia de Filipinas. Noong makatagpo kong patungo sa Santamesa ay kakausapin niya ang abogado Gonzalez, pagka't ito ang siyang Gran Secretario ng nasabi ring Gran Logia ng mga masón sa Pilipinas.

Di sasalang ang naging dahil ng tuwi na'y pagwawalang-tiwala ng mga hapon kay koronel Guido ay ang pagkakatanggi nitóng tumanggap ng ano mang katungkulan at gawain sa ilalim ng pangasiwaan ng hukbong hapon. Minisa'y nasabi niyang "magdidildil na ako ng asin, hindi ako tatanggap ng kahit anong halaga sa mga taong iyan." Noong itatag na muli ang kostabularya at nang tanungin ng ilang mga kaibigan kung siya'y tatanggap ng tungkol, ang kanyang naisagot ay "mamabutin ko pang magtanim ng mga saging kay sa sumapi sa kostabularyang iyan."

Lubhang matigás ang loob ni G. Guido. Marahil, kung hindi siya naging masasaktin, kung kaya ng kanyang katawan, nakapamundok na sana't di na nahulog sa kamáy ng mga kaaway na maka-hayop. Gayunpaman, dito sa loob ay gumanáp siya ng isang mahalagang tungkulin sa mga lihim na kilusan. Kainalám niya sa gawaing ito ang isang komandanteng amerikano, si Mr. Cushing at ang heswitang si pari Hurley. Nangingilak at nagpapadalá ng salapi at pagkain si koronel Guido sa mga gerilyang namumundok at siya rin ang nagbibigay ng mga balita hinggil sa kilos ng mga kawal na hapon. Gaya nang sukat maalaala, si koronel Guido, bago nagsiklab ang digma ay siyang puno ng *Intelligence Division* ng Kostabularya.

Kahit na naialis si Guido, sa pagligid ng bahay nito ay nagsitaliba pa rin ang mga hapon at pagkatapos ay pinaulanán ng punlo ng kanilang mga masinggan. Salamat na lamang at ang maybahay ni koronel Guido at ang iba pang kasama sa bahay ay nakapagtago sa ilalim ng kanilang kusina, pagkapanaog na pagkapanaog ng mga nagsipaghalughog sa kanilang tahanan.

* * *

Si koronel Alejo Valdes, kapa-

tid ni heneral Basilio J. Valdes, ay pinatay naman sa isang loobang walang bahay sa daang Pennsylvania, karatig ng isang gusaling sunóg.

Isinalaysay ni Antonio J. Beltran na nakita niya nang barilín ang nasabing koronel. Siya'y nakatira sa bahay na kanugnog ng pinagbarilan at nakasilip siya non sa isang butas ng dinding. Si koronel Valdes ay dinala roong nakagapos ang mga kamay, kasama ng nakagapos din niyang anak at pito pang hindi niya nakikilala. Lahát sila ay inihanay sa tabi ng isang bakod na bató o pader. Si koronel Valdes ay lumuhod nang sumandali, marahil ay upang magdasál, at ang siya'y tumayo ay binaril na ng mga kawal na hapon. Lahat ay parang tinibáng nangabuwál. Bago iniwan ang kanilang mga bangkay ay minasinggan pa mandin.

Alinsunod kay heneral Valdes, bilang pag-alinsunod sa sumpang ang kanyang kapatid dahil sa da-

daan sa katawán. Nakagapos pa hangga noon ang mga kamay ng koronel. Ang bangkay ni koronel Alejo Valdes ay pinaratangan ng mga itó na siyang nagpasunog sa lahát ng bodega ng hukbo ng Estados Unidos sapagka't nang panahóng iyón ay si koronel Valdes ang siyang puno ng Harbor Police. Dahil sa paratang na itó ay dinakip siya't pinahirapan sa pinagdalháng Elks Club.

Ayon sa sabi ni heneral Valdes, kapatid ng sawimpalad na koronel, ay tumanggap siya ng isang sulat na padalá ng isang manggagamot na pranses at ibinabaling nang nakita ng nasabing manggagamot ang pagkakapatáy sa kanyang kapatid at alam din niya kung saan ibinaóng kasama ng iba pa. Kasama ng ilang katao at dalá ang mga kinakailangan ay nagtungo si heneral sa pook na pinagbarilan at pinagbaunán. Nang hukayin ay nakilala niya ang kanyang kapatid dahil sa da-

mit na suot at sa ilang palatan-

daan sa katawán. Nakagapos pa hangga noon ang mga kamay ng koronel. Ang bangkay ni koronel Alejo Valdes ay dinala ng kanyang kapatid sa libingan sa hilaga at inilibing doon na gaya ng nararapat sa isang taong katoliko.

Maidaragdag pa namin dito ngayon na si propesor Daniel de la Paz ng Pamantasan sa Pilipinas ay isa sa mga pinatáy sa tapát ng Corona Restaurant sa Abenida Taft.

Magtatakíp-silim noon ng ika-10 ng Pebrero. Sa salikop ng mga daang Abenida Taft at Isaac Peral ay nagkakatipon ang maraming tao, pagka't doon sila nagsipanakbuhan samantalang nasusunog ang kanilang mga tahanan. "Walang anu-ano — ipinahayag ni Alfredo Lagmay,—ay dumating ang mga kawal na hapon at ipinag-utos na magbukod ang mga babai at lalaki. Ang mga babai ay dinalang patungo sa gawi ng ospital heneral at ang mga lalaki ay pinahanay sa tapát ng Corona Restaurant. Kapagkaraka ay pinaputók ang mga masinggan at ang mga nakahanay ay isa-isang nangabuwal sa tama ng mga punlo. Pagkatapos ay pinagahalibas pa ng mga sable ng mga opisyal ang mga bangkay na halos patungpatong. Yaong mga sundalong walang sable ay ginamit ang kanilang bayoneta na siyang ipinaksák sa mga binaril na lalaki."

Ayon pa kay G. Lagmay ay nakilala niya, sa bunton ng mga bangkay, si propesor Daniel de la Paz nga ng paaralan sa panggamot ng U.P., saka ang bangkay ni mahistrado Anacleto Diaz at gayon din ang kay Luis Perez Samanillo.

* * *

Ang susunod na lathala ukol sa bagay ding itó na nangyari sa kabila ng ilog-Pasig ay may pamagát na WALANG KASING SAMAMA! na kung naging mahalagá ang mga sinundán ay lalo pang magiging mahalaga ito sa lahat ng mambabasa. Malalarawang buungbuo sa WALANG KASING SAMAMA! ang kakila-kilabot na katampalasanang ginawa ng mga hapon sa kabila ng ilog. Mabubunyag sa lahát ang nakalulunon na mga pangyayari sa ilan pang mga litaw na ginoo at ang mahahalay na katampalasanang ginawa pa rin sa kababaihan ng ating mga lipunan.

Ang sumusulat nito'y patuloy pa rin sa pagtitipon ng mga di-pangkaraniwang tala ng mga pangyayari.

Tulang Pambata O BUWAN

*O! Buwang maganda, ako ay pakinggan;
Bakit ba madalas na anyo kang suklay
O kaya'y maputlang bolang kumikinang;
Bakit ba may gabing di ka lumilitaw
Kaya't ang daigdig, luksa't nalulumbay?*

*Kapag ga-suklay ka lamang na maliit,
Wala kang halaga sa akíng pangmasid,
Kapag bola ka nang malaki't marikit,
Napakikilos mo ang puso ko't dibdib,
Napasasaya mo ang buong daigdig.*

*O! Buwang marikit, O! Buwang masigla,
Ang kanitang palad mandin ay isa,
Pag ikaw ay munti, wala kang halaga,
Nguni't kapag bilog na bolang maganda.
Lahat na ng tao'y kinalulugdan ka.*

*Tayo'y magkatulad—ako saka ikaw;
Ngayon, paslit ako—walang kabuluhan;
Bukas kung sakaling araw ko'y dumatal.
Maging mahalaga sa mata ng tanan,
Ako ma'y buwan din na kaluluguran.*

JOSE G. KATINDIG

Talasalitaan:

- 1—kumikinangshining; brilliant
- 2—pakingganlisten
- 3—daigdigworld; universe
- 4—nalulumbaysad
- 5—pangmasidobservation
- 6—dumatalarrive
- 7—marikitbeautiful
- 8—masiglalively; animated
- 9—kinalulugdantake delight in; feel satisfied with
- 10—paslityoung innocent child
- 11—kabuluhanimportance; value
- 12—kalugurangive satisfaction

PAMPAARALAN

Pitak Ni ANTONIA F. VILLANUEVA
Guro sa Wikang Pambansá, Pamantasan ng Sto. Tomas

IKA-3 ARALIN Siná, Niná, Ang Mga; Ng Mga

Siná Mang Liloy ay maraming taním. Ang mga taním niná Ben ay talóng, mais, at kamatis. Ang mga halaman naman ni Aling Poleng ay sampagita, rosál at kanya. Ang mga bulaklák ng mga halamang iyán ay mababangó. Ang mga taním niná Mang Liloy ay palay at kamote. Ang mga lamán ng kamote ay malalakí.

Ang mga bunga ng mga halaman niná Ben ay marami. Siná Nena ay nagtitindá ng mga talóng at mais. Ang mga kamatis ay hinóg na. Siná Nena ay magtitindá rin ng kamatis.

(Ang *siná, niná, ang mga at ng mga ay pangmarami ng si, ni, ang at ng*. Ang kahulugán ng *sina Mang Liloy ay si Mang Liloy at ang kanyáng mga kasama* na maaaring si Aling Poleng, si Ben at si Nena. Ang kahulugán ng *mga taním niná Ben ay mga taním ni Ben at ng kanyáng kasama na maaaring si Nena*. Ang kahulugán ng *ang mga halaman at ng mga halaman ay maraming halaman*.

Ang *si, sina, ni at niná ay ginagamit ding pantukoy sa mga hayop at bagay na tinátao*.)

Pagsasanay

Iláng tao o bagay ang ibig sabihin ng bawát isá sa sumusunod:

- | | |
|------------------|--------------------|
| 1. ang halaman | 6. sina Mang Liloy |
| 2. si Nena | 7. ng talóng |
| 3. ang mga mais | 8. ni Aling Poleng |
| 4. niná Ben | 9. ang mga kamatis |
| 5. ng mga kamote | 10. ng palay |
- Bigkasín at pagkatapos ay baybayín ang mga salitâ.

sabi	matá	sagót	mahinâ
mabuti	kamáy	tanóng	yatâ
dumilat	tiyán	sabád	hindí
sinubuan	bibíg	wikâ	walâ
kumilos	tugón	kaawa-awâ	gawâ

IKA-4 NA ARALIN Ang Paggamit Ng Ay

1. Ang amá *ay* magsasaka.
2. Ang iná *ay* si Aling Poleng.
3. Si Ben *ay* masipag.
4. Si Nena *ay* mabaít.
5. Ang bahay *ay* nasa-bukid.
6. Ang bukid *ay* maraming taním.
7. Ang bakuran *ay* maraming halaman.
8. Si Aling Poleng *ay* nagtaním ng sampagita.
9. Si Mang Liloy *ay* nag-araro sa bukid.
10. Si Ben *ay* gumawâ ng balag.

(Ang *ay ay malapandiwa at ang katumbás sa Inglés ay am, is, are, was at were*, nguni't ang *ay ay hindi kasing-kabuluhán ng "verbs to be" sa Inglés, sapagkát itó'y maáaring alisin sa pangungusap nang hindi nagbabago ang diwa ng náturang pangungusap*.)

1. Magsasaka ang amá.
2. Si Aling Poleng ang iná.
3. Masipag si Ben.
4. Mabaít si Nena.
5. Nasa-bukid ang bahay.
6. Maraming taním ang bukid.
7. Maraming halaman ang bakuran.
8. Nagtaním ng sampagita si Aling Poleng.
9. Nag-araro sa bukid si Mang Liloy.

10. Gumawâ ng balag si Ben.
(Kapág ang isáng pangungusap na ginágamitan ng *ay ay binaligtád, ang ay ay naiwan, nguni't hindi nagbabago ang diwa ng pangungusap*.)

PAGSASANAY

- A. Pag-aralan ang mga pangungusap na sumusunod:

1. Ang patola ay maraming bunga.
2. Ang sampagita ay maraming bulaklák.
3. Ang mga talóng ay magugulang na.
4. Si Mang Liloy ay may kalabâw.
5. Si Aling Poleng ay may hálamán.
6. Si Ben ay maraming manók.
7. Si Nena ay may pusâ.

- B. Sulatin nang waláng *ay* ang bawát pangungusap. Kailangang ilagáy ang mga pangungusap sa baligtád na ayos.

IKÁ-5 ARALIN Akó, Akin, Ko SINO AKÓ?

1. Akó ay maliít lamang.
Ang kulay ko ay itím.
Kumákain akó ng dagâ.
"Miaw, miaw," ang sinásabi ko.
2. Malakí akó kaysa pusâ.
Akó ay putí at itím.
Akó ay bantáy sa bahay.
"Kaw, aw, aw," ang sinásabi ko.
3. Akó ay maraming sisiw.
Palay at maís ang kinákain ko.
Biníbigyán ko kayó ng itlóg.
"Puputák, puputák," ang sinásabi ko.
4. Akó ay malakíng-malakí.
Dalawá ang aking sungay.
Mahabâ ang aking buntót.
Ang kulay ko ay itím.
Biníbigyán ko kayó ng gatas.
"Ma. . a. . â, Ma. . a. . â," ang sinásabi ko.

(Ang *akó, akin at ko ay mga panghalíp sa unang panauhan*. Ang *akó ay maáaring pauná at pahulí*. Akó ay pusâ. Pusâ akó. Ang *akin ay pauná at ang ko ay pahulí*. Ang aking aso ay matapang. Matapang ang aso ko.)

PAGSASANAY

- Marami tayong kaibigang hayop. Sulatin ang ngalan ng limá sa kanilâ. Paano tumúulong sa atin ang bawát isá? Anó ang nasasabi ng bawát isá?

IKÁ-6 NA ARALIN Itó, Iyán, Iyón ANG MAGKAKAPATID

- "Itó ay bola," ang sabi ni Adela.
"Iyán ay manikâ," ang wika ni Rosa.
"Anó kayâ iyón?" ang tanóng ni Adela.
"Iyón bang balutan sa mesa?" ang tanóng ni Rosa.
"Iyón ngâ," ang sagót ni Adela.
"Laruán yatâ iyón, e," ang sabi ni Rosa.
"Anó kayáng laruán?" ang tanóng ni Adela. "Hintayin daw natin si Nanay bago natin buksán."
"Dumating na sana si Nanay," ang sabi ni Rosa.
"Dumating na ngâ sana si Nanay," ang wika ni Adela.

(Nasa pahina 20 ang karugtong)

ANG PAPEL-DE-HAPON

Ni LOPE K. SANTOS

(KARUGTONG)

2. Kung paano matutubós ng Central Bank of the Philippines ang mga ("papel-de-hapon") Military Notes na ipinakalat dito hanggang mapalitan ng mga bago't sariling papel.

3. Kung ang Central Bank of the Philippines ay kikalalanan ng kapangyarihan upang siyang magiging batayan at pamunuan ng Bank of Taiwan, at ng mga ibang pangalagakang-salaping haponés at mga banyaga.

4. Kung gaano ang maipautang ng Pamahalaan ng Tokyo sa Central Bank, upang mapuhunan nitó sa pag-iral sa ilalim ng kapangyarihan at kapakanan ng "Republika ng Pilipinas".

Nakauwi na rito ang halos lahat ng mga kagawad ng Lupong naglakbay sa Tokyo, ay napilitan pang magpalwan ang Kagawad ng Pananalapi ng Pilipinas, upang maihingi ng tiyak na kapasihan sa mga kinauukulang pinuno ng pamahalaang haponés ang apat na layunin o suliraning kanyang ipinagsadya roon.

Datapwa, sa apat na ito ay wala isa mang naliwanagan kundi, kung bagaman, ay ang ikaapat. Pinangakuang pauutangin ang "Republika ng Pilipinas" ng Dalawang Daang Angaw na Yen (Y-200,000,000), upang mapuhunan sa pagbubukas at pagpapairal ng "Central Bank of the Philippines".

Ang unang tatlong layon ay ibinalik dito nang walang kawawaan. Lahat ng mga paglakad at pagsisikap ay nabigo. Nguni, malaking aral ang natutuhan ng Pamahalaang Pilipino sa mga nangyari. Napagtibay noon ang katoohan ng sa mula-mula pa'y hinala na sa di-kalinisang-budhi ng Imperyo ng Hapon sa pagsakop sa Pilipinas at sa pagbibigay na madalian ng Kasarinlan,—kasarinlan may-tali!—sa Kapuluang ito.

Tungkol sa unang layon, ang Tokyo ay ayaw magtakda at mapagkayari sa "Republika" sa ano mang tumbasan ng halaga ng Pisong pilipino at Yeng haponés. Kinakatwirang ang salaping ginagamit sa Pilipinas, samakatwid, ang *papel-de-hapon*, ay lagda at palabas ng Hukbong Imperyal.

ang kanyang mga pangangailang ngang sarili. Ang katuturan nito ay isang "pagsasarili ng Pilipinas sa walang sariling kapangyarihan sa pananalapi".

Ang dalawang daang angaw na Yen, na ipinagpapaluwal sa Central Bank upang puhunanin, lahatin man ay kulang pa ring ipanubos o ipalit sa noo'y may libo na yatang angaw na Pisong *papel-de-hapong* lumilibot sa buong Pilipinas. At ang mga bagong maipalalabas pa ng Hukbong Imperyal?... Sa bagay na ito lamang, ang kabuhayan ng Central Bank at ang pangangailangan sa kanya ng "Republika ng Pilipinas", ay tahasang maituturing na kapwa... "balewala".

Bagay naman sa ikatlong layon, na hingin ang pagkilala ng pamahalaang-Tokyo sa kapangyarihan ng Central Bank of the Philippines upang siyang maging batayan at tagapagtakda ng mga kasaklawan at pamamalakad ng lahat ng iba pang bangkong umiiral sa Pilipinas—mangyari pang di kabilang na rito ang Bank of Taiwan at iba pang bangkong haponés,—ay mapaghuhulo nang ito ay bigo na kapagkarakang di-natamo ang alin man sa dalawang unang layon.

Kung ang Pisong Pilipino ay ayaw panagutan ni tumbasan ng Yeng haponés at ang mga "military notes" ay di-matatakdaan ng bilang, ni matutubos ng sariling salaping "Republika", ano pa ang magiging kasaysayan ng Central Bank? Anong kapangyarihan sa mga ibang bangko ang kanyang mahihingi pa, kung ang Pamahalaang Pilipinong sinasabing may-kasarinlan na, at siyang sa kanyay nagtatag, ay walang kapangyarihang magbatas laban sa pagdagsa ng mga ibang salaping hindi taal na pilipino at manggagaling sa mga bangkong banyaga? Ang ikatlo ngang layong ito, ay naraganan na ng pagkabigo ng dalawang una.

Subali, may mga dalubhasa naman sa mga suliranin ng pananalapi na, sa halip mangalungkot sa gayong mga pagkabigo, ay lalong nangatuwa't nagpasalamat. Noo'y matatag ang pag-asa ng lahat ng pilipino, maliban ang kaunting talagang mga maka-Hapon, na malao't madali, ay magtatagumpay ang Amerika sa digmaan. Ang pangako ng noo'y Pangulong Roosevelt na hindi tutugot ang Estados Unidos hanggang hindi ma-

tubos at mabawi sa Hapon ang Pilipinas, ay pangako ng isang dakila at marangal na bansang may kakayahang tumupad sa kanyang salita. Ang gayong pag-asa ay may kakambal na pananalig na, pagkatalo ng Hapon, ito'y may katungkulang magbayad-pinsala sa Pilipinas, at panagutan ang mga salaping-papel na ginamit at ipinagamit ng hukbong haponés sa pagpapatatag ng kanyang kapangyarihan dito. Samakatwid, ang mga *papel-de-hapong* ayaw niyang panagutan, ni takdaan, ni tumbasan ng tunay niyang salapi, ay sapilitan nang paninindigan niya kung siya'y matalo na't matapos ang digma. Arupa't ang pananagot sa pagbatayad-pinsala ay tuwirang maaatang sa balikat ng Hapon.

Samantalang iba ang sukat mangyari, ayon din sa nangasabing dalubhasa, kung sakaling piyagan ng Tokyo at nangyaring matubos ng Central Bank of the Philippines ang may libong angaw na pisong mga *papel-de-hapong* iyan; sapagka't ang pananagutan sa tinurang mga salapi ay maiibis na sa balikat ng Hapon, at mapasalin sa balikat ng "Republika ng Pilipinas." At sapagka't ito'y hindi naman kinikilala ni kikalalanin ng magtatagumpay na Amerika, ang mangyayari'y mapalagay sa alanganin ang paninindigan, maging sa dating salaping *papel-de-hapong* natitira pang di natutubos, at maging sa mga salaping-papel na naipanubos na't naipangalat ng Central Bank sa ngalan ng "Republika ng Pilipinas".

Magiging malaki at bagong suliranin pa kung lahat ng salaping kumakalat ay abutan ng pagkatakpos ng digma sa Pilipinas na nasa-ngalan na't may-tatak ng tinurang "Republika". Sapagka't ano't hanggan saan pa aabot ang pananagot ng Hapong talunan sa pananalaping Pilipino na, na inabot ng panunumbalik ng Komonwels sa bisa ng pagkakapagtagumpay ng Amerika? Bagaman kahit sinong may karaniwang pag-iisip, ay labis makaabot na, dahil sa maging ang mga *papel-de-hapon*, maging ang mga salaping-papel ng Central Bank at maging ang "Republika ng Pilipinas", ay pawang gawa at pagawa ng Hapon, at sa gayo'y sagutin niyang lahat na dimaitatakwil; subali't hindi naman maikakait na ang suliranin ng (Nasa pahina 20 ang karugtong)

Isang 'Sama Ng Loob' Ni Rizal

Marami nang lubha ang nasusulat tungkol sa "Noli Me Tangere" at sa may akdang si Dr. Jose Rizal. Ano man ang sulatin natin ngayon ukol sa nasabing nobela ay halos pag-uulit na lamang sa mga nasulat na. Ang nais ko ngayon ay huwag pagukulan ng panahon ang nilalaman ng nobela at ang maraming katangian ni Dr. Rizal, sapagka't halos ang lahat ng ito ay natungahan na ng bayang mambabasa sa maraming salaysaying sinulat ng maraming dalubhasa sa Pilipinas.

Pag-uukulan ko ng pansin ang naging bunga, ang mga sinabi at maraming kuru-kurong lumitaw sa paligid ng naturang aklat o nobela ng ating bayani. Lumabás sa limbagan nuong bago mangalahati ang taong 1887. Kalabisang sabihing nahati sa dalawang panig ang palagay ng maraming unang nakabasa sa "Noli Me Tangere." Ang mga tunay na kaibigan ni Rizal ay bumati sa kanya pagkatapos nilang basahin, ang iba naman ay nagsawalang kibo lamang, nguni't ang marami ay nagalit, lalo na ang mga prayle at mga kastilang nabubuhay sa tulong at pagkakandili ng mga ito.

Sa mga bumati kay Rizal ay nangunguna sina Mariano Ponce, Ferdinand Blumentritt, Evaristo Aguirre, Balbino Ventura, Antonio Ma. Regidor, Felix Ma. Roxas, Eduardo de Lete, Enrique Rogers. Ang sulat ni Evaristo Aguirre kay Rizal, pagkatapos na basahin ang "Noli Me Tangere," ay siyang pinaka-mahaba sa lahat ng liham na tinanggap ng may akda sa tanang buhay niya, at naglalaman ng mga puna at pagpapayo, alalaon baga'y ibig ipakilala na higit ang karanasan niya kay Rizal, nguni't ito ay hindi nagdamdam kundi nagpasalamat pa nga.

Ang liham ni Antonio Ma. Regidor, na nuon ay nabubuhay sa Londres, hinggil sa Noli, ay isang tunay na pag-aaral at pagsusuri; ang mga pangungusap ay matatalino at ang bawa't salita ay may kahulugan. Ating sisipiin ang mga ilang talata: "Sa mga unang talata pa lamang ay napagkuro ko nang ang iyong aklat ay napakabuti. Ngayon ay natapos ko nang basahin; at ipinagtatapat ko na wala akong nabasa kundi panay na katotohanan at tapát na pag-

*Anó ang "damdamin" ni Rizal at kani-
no siya may "sama ng loob"? — Iyán ang
maliliwanagan sa lathalang ito.*

lalarawan sa lipunang yaon (sa Pilipinas) na lagi na lamang inalipusta."

Binanggit ni Antonio Ma. Regidor ang mga tauhan ng Noli at sinabi niyang "ang lahat ay mga tunay na larawan ng maraming mamamayan sa Pilipinas at sa larawan ni Ibarra ay para kong nakikita ang aking sarili."

* * *

Matangi sa mga pilipinong nabanggit na, ay wala nang iba pang bumati kay Rizal sa paglabás ng kanyang Noli. Ang iba ay kungsi nagsawalang kibo, katulad nina Paterno, Del Pilar, at marami pang iba. Hindi matiyak ang dahilan. Ang "Maginoong" P. A. Paterno ay bumili ng isang sipi ng Noli, nguni't hindi nagpapahayag ng anumang kuru-kuro.

Si Blumentritt ay hindi lamang bumati at humanga kay Rizal dahil sa kanyang Noli, kundi humingi pa nang pahintulot kay Rizal, sa kanyang liham na may petsa Oktubre 18, 1887, galing sa Leitmeritz: "...Huwag limuting ako'y bigyan mo nang pahintulot sa pagsasalain ng iyong nobela. Alinsunod sa mga batás sa Austria at Alemanya, ay hindi ko kailangan ang pahintulot, nguni't mabuti rin ang mayroon."

Si G. Balbino Ventura, ama ng yumaong Kalihim Panloob na si G. Honorio Ventura, mula sa Bakulud o Bakolor, Kapampangan, ay sumulat kay Rizal noong 27 Nobyembre 1887, at siya'y inanyayahan upang dumalaw sa Kapampangan at makita siya ng maraming kapampangang humahanga sa kanya dahil sa pagkakabasa sa mga limang sipi ng Noli na nakarating doon sa pagsisikap ng mga Ventura.

Alinsunod kay Heneral Antonio Luna, na isa ring matalik na kaibigan at kapalagayang loob ni Rizal, ang mga kababayan nating nakatira sa Madrid noong mga panahong yaon, alinsunod sa kanyang liham na may petsa Oktubre 27, 1888, ay nahahati sa tatlong

panig tungkol kay Rizal. Ang unang panig, na siyang pinakamarami sapagka't binubuo ng 25 katao, ay maka-Rizal; ang ikalawang panig na binubuo lamang ng lima ay waring malamig kay Rizal; at ang ikatlong panig ay hindi nagpapahayag ng nilolooob at binubuo naman ng lima ring katao.

Ang lalong ipinagdaramdam ni Rizal ay ang pangyayaring, pagkatapos na malimbag ang kanyang nobela, ay wala man lamang na nagsikap na dumulog sa mga pinuno sa Madrid upang bigyan ng pahintulot ang pagpasok ng Noli na hinarang sa hangganan ng Pransiya at Espanya, pagsunod sa isang batás na nauukol sa lahat ng babasahing papasok sa Espanya. At tumanggap pa si Rizal ng mga balitang marami sa kanyang kababayan ang hindi pa man nababasa ang kanyang nobela ay hinahatulan na nila, alinsunod sa liham ni Rizal na may petsang 16 ng Hunyo, 1888 (mula sa Londres at padala kay Mariano Ponce) na ganito ang sinasabi: "...Sa Madrid, kung saan ako maraming kaibigan sa mga kababayan natin, ay doon pa naman hindi tinangkilik ang aking nobela, at ang lalong masama pa nito ay hindi man lamang nakapasok, dahil sa pagwawalang bahala ng mga ilan at ng ugaling hindi pangkaraniwan ng iba. Kung sa aking sarili lamang ay hindi ko dinaramdam ito, kundi ang kahulugan; nagdaramdam ako sapagka't nakikita kong nawawala pa ang kahuli-hulihang kabanalang natitira pa sa atin, ang pagkakaisa, kung sa ikabubuti ng bayan ang pinag-uusapan... Sa Maynila ay pinagtangkaang pintasan ang aking nobela ng mga ilang tanyag na kababayan, nguni't ako'y napangiti lamang; ngayon, ang bayan-bayan ng mga pilipino sa Madrid, ang lalong bayani at maraming naabot, ang siyang nagwawalang bahala sa aking nobela; ito'y dinaramdam ko."

Sa isang liham din ni Rizal kay

Mariano Ponce na may petsa Hunyo 27, 1888, mula sa Londres, ay ganito naman ang sinasabi: "...Kung pasyahan nila na hindi mabuti ang aking aklat matapos nilang basahin, ay hindi ko ikinalulungkot, sapagka't ito'y ipinakikilala lamang na ako'y hindi nakasulat ng mabuting aklat; nguni't pasyahan nilang masama na hindi man lamang nila nababasa, at pagkatapos ay sumang-ayon pa sa palagay ng iba na tumutuligsa sa akin, ay lubhang dinaramdam ko."

Ang pagtanggap na ito sa nobela ni Rizal, isang pagtanggap na malamig na may lakip na pagkukurong handa sa pagtuligsa hindi lamang ng mga prayle at mga kastilang laban sa mga pilipino kundi ng maraming pilipinong may pinag-aralan, at ang iba ay kaibigan pang natuturingan ni Rizal, ay siyang nagudyok sa kanya upang baguhin ang simula ng ikalawang nobelang sinulat niya mula sa Londres. Ang wika niya sa nabanggit na liham: "...Nagbago ako ng pagkukuro tungkol sa isang nobelang sinimulan ko na, at pinunit ko ang marami nang kabanatang nasulat ko upang panibagong sulatin, sapagka't nagbago ako ng panukala, kung kaya marahil ay lubas ito sa mga buwan ng hunyo o agosto ng darating na taon."

Ang binabanggit na bagong aklat ay ang "Filibusterismo", na sa simula'y isang nobela ng pag-ibig at may magandang katapusán. Nguni't nang madama ni Rizal na siya'y parang nabigo sa kanyang pag-asa sa "Noli Me Tangere," sumaisip ni Rizal na sulatin ang isang bagong nobela na naglalarawan sa pagkawalang pag-asa, ng lungkot, ng himagsikan at madugong salaysayin.

Nang dumating sa Pilipinas ang mga unang sipi ng Noli Me Tangere (Hunyo o Hulyo ng 1887) ay kasalukuyang Arsobispo sa Maynila si P. Payo, dominiko. Ito'y nagkaroon ng isang sipi na pagdaka'y ipinadala sa Rektor ng Unibersidad ng Sto. Tomas upang suriin. (W. E. Retana, pah. 128). Ang ginawang paghihigpit ng mga pari sa nobela ni Rizal ay siyang naging dahilan kung bakit marami ang naghanap na handang bumilit kahit sa anong halaga.

Ni CIRILO BOGNOT

Labí . . .

(Karugtong ng nasa pahina 6)

wan. . . . Nakita niyang ang Buwan ay higit na maganda sa gitna ng ilog—ang pinilakang tilamsik nito'y binasag manding kristal sa gagalaw-galaw na tubig. At samantalang pinagmamalas niya ang Buwan sa tubig ay muli niyang naalaala an gtanging kagandahan sa kanyang buhay—ang bahaging yaon ng dalawang matatanda sa ibayo ng dagat, ng puting paaralan, ni Ido at ng buhangin sa baybayin. Ang Buwang ito'y nunung-hay rin sa dalawang matatanda, ang kanyang naisip. Sa malayong Misamis. At marahil. . . . marahil sila ma'y nakatitig din sa liwanag na iyon sa mga sandaling ito, at nagtatanong sa kanyang kinaronan. Ang liwanag na iyo'y tumataglang rin sa labi ng puting alapaap at sa buhangin ng baybay-dagat. Nguni't si. . . . Ido?

Sa kanyang mata'y kumislap ang ilaw ng bagong pag-asa. Dito sa lunsod, iiwan niya ang malitim na anino ng mga guho, nguni't hindi ang mabining liwanag ng Buwan. Iyon ay dadalhin niya sa Misamis, ang karilagang iyon na nakapagpapaalala ng tanging kagandahan sa kanyang buhay. Kung gabi, titingala lamang siya at doo'y muli niyang makikita ang kaliwanagang ito. Doon sa sinapupunan ng lupang sinilangan, mapagpalang katulad ng sa isang ina, lilimutin niya ang mga alalang iniwan ng digmaan, ang mga sugat at kirot niyon, ang mga guho't kapangitan niyon. Iiwan niya sa lunsod ang lahat ng labi at ang mga alaala nito.

At kung siya'y makalimot na, marahil, mula sa karurukan, ang alaala ni Ido ay mananaog at siya'y paghahanapin sa pook ng tipanan. At, marahil din, doon ay matatagpuan niya ang isang bagong kahulugan ng Buhay.

—<—>—

Ang Tala . . .

(Karugtong ng nasa pahina 11)

yon ang kaniyang mga layunin, ay hindi pa rin madalum at ni Kanor ang pagkabalang ng pasiya ni Didang. Kung sa bagay ay naisip ni Kanor na habang tumatagal ay lalong mabuti sa kaniyang layunin, sapagka't nangangahulugang pinag-aaralan pa at ang pasiya ay malamang na mabuti para sa kaniya. Kung tala-ga bang walang kagustu-gusto si Didang sa kaniya ay maluwat na sanang tinugon siya ng hindi.

(TATAPUSIN)

IBONG —WALANG— PUGAD

Tulambuhay ni *Iñigo Ed. Regalado*

IV

*Takip-silim noon; pauwi si Senday,
may sunong na batya, galing sa bantilan,
siya'y nag-iisa, lakad ay marahang
tila sinasadya at may hinihintay.*

*Nasisyahán wari ang ating dalaga't
habang lumalakad ay umaawit pa,
ang lahat ng bagay ay di akumana't
ang nasa gunita'y tamis ng pagsinta.*

*Hindi nga nalao't ang binatang giliw
humihingal halos sa kanyang pagdating.
—“Ano't ngayon ka lang, saán ka nanggaling?”—
ang tanong ni Senday na may-halong lambing.*

*—“Ako'y naantala sa mga talampas”—
sagot ng binata na may-sukling sulyap,
—“kaya't ang nangyari sa aking paglakad
parang hinakabol ang takbo ng oras.”*

*Pagkawika nito'y kinuha ni Senon
ang isang balutang nasa batyang sunong
at ang sinabi pa:—“Ako ay katulong
ng mamahalin ko sa habang panahon.”*

*Lalo nang humina ang lakad ni Senday
at tila ayaw pang dumating ng bahay
katulad ay lupang sa pagiging tigang
ay halos sakmalin ang patak ng ulan.*

*Talagang ang pusong taos sa pag-ibig
hindi nabubusog sa sandaling titig;
kaya lang masyahán ang tapát na didib
ay kung nasa piling ang laman ng isip.*

*Ang bawa't bitiwang mga pangungusap
ng dalawang gapos ng suyuang tapat
ay parang talulot ng isang bulaklak
na may-bango kahi't sa lupa'y malaglag.*

*Sa lagay na yao'y jdaming kakilala
ang nadaraanang hindi alumana!
kahi't umeehem ang isa at isa
lingunin ma'y ayaw namán ng dalawá.*

*Nangingiti lamang sila ng palihim
kahi't anong lakas ng mga pagtikhim;
paanong di gayo'y lambing ng paggiliw
ang sumasapupo sa puso't damdamin.*

*Minsan pang binuhol ng mutyang si Senday
ang tali ng sumpa na sadyang matibay:
—“Sa ngalan ng aking inang minamahal,
ang puso ko'y iyo hanggang kamatayan.”*

(Nasa pahina 20 ang karugtong)

Barung-Barong . . .

(Karugtong ng nasa pahina 7)

wan ng kanyang bahay na sa loob ng maraming taon ay siyang mapayapang tanggulan nila sa kalikasan. Sa sandaling ito'y naramdaman niya ang hapdi ng gunita. Sapagka't kasamang tinangay ng usok sa mataas na kalawakan ang lahat ng iningatan niyang magagandang alalahanin ng tahananang yaon. Ang katiyakan sa pagkabi-go ay hindi na malilinlang ng magandang pag-asa. Ganap na ang katotohanang naglaho sa gusaling yaon ang katuparan ng isang pangarap. Tunay na hindi na manunumbalik ang mga alaala roon, ang lakas ng diwang namugad at nagbinhi ng isang kaligayahan sa bawa't bahagi ng magandang tahanan nila.

Si Fidel ay tinawag ng kanyang mga anak sa loob ng barung-barong. Sa dating hapag na ang isang panig ay ginalusan ng tingga ang kanyang mga hinlog ay magkakaharap na kumakain.

—Ang tinapay at kending ito ay ipinamudmod sa mga tao —masayang sabi ni Mercedes at idinugtong —paano ngayon ang ating bahay, nasira?

—Huwag ninyong asahan ang pagbabalik ng kahapon —nasabi sa sarili ni Fidel habang siya'y kumakain. Tiningnan ang kanyang bunso at ang bulong pa —bagong diwa, bagong simulain at bagong sigla ang kailangan ngayon ng bayan. . . .

—Magsimula tayo sa barung-barong na ito, —ang siyang narinig ng kanyang mga anak.

W A K A S

SA AMING MGA KATULONG AT MAMBABASA

Buong galang na ipinagbibigay-alam namin sa lahat ng katulong na ang paglathala sa mga akdang amin, tinatanggap ay pinag-uuna-una lamang muna sa ngayon dahil sa kakulangan ng pitak. Ipinagbibigay-alam din naman na kami'y di nagsasauli ng orihinal lumabas man o hindi ang alinmang akda.

Ang susunod na bilang nitong ILANG-ILANG ay magiging di pangkaraniwan palibhasa'y mapapataon sa ika-10 taon ng pagkakatag ng ating Malasariling Pamahalaan. Di-pangkaraniwang mga babasahin din ang tatagiyin ng bilang ra iyan at isa na'y ang “March of Death” na ikinasawi ng marami nating kapatid na nagtapan sa Bataan.

Ang Papel . . .

(Karugtong ng nasa pahina 17)

pagbabayad-pinsala o pagtubos sa mga salaping iyan, ay lalo nang magkakabuhul-buhol at lalong paghihirapang kalagin.

Kung ngayong walang inabutan sa pagsuko ng Hapon at sa pagkabawi ng Pilipinas kundi ang pananalaping palos na *papel-de-hapon* lamang, ay naritong walang kaanu-ano mang pag-asa ang mga pilipino sa paano mang paraan at gaano mang halaga ng pagkatubos at pagbabayad-pinsala ng Hapon, di kaya lalo na kung napahalo pa, o nahalili pa sa mga "military notes" na iyan ang mga "papel" ng Central Bank at ang ngalan ng isang "Republikang" di-kinikilala, ni maaaring pakitunguhan?

TATLONG taong singkad na napadikit sa kabuhayan ng bayang pilipino ang mga *papel-de-hapong* iyan. Nakalu-kalugdan muna ng marami, nang mga unang buwan, dahil sa, mga amoy-baraha man, ay panay na mga bagong-limbag naman, may-kagandahan din ang mga guhit at kulay, at saka kasinghalaga rin ng mga dating salaping-papel na pinagdatnan dito.

Nang nanlalapot na't nagugutay sa kamay ang mga iisahing pera, unti-unti itong kinasuklaman sa paghipo at kinayaman sa pagbilang. Sa halip na makapagpagaman sa mga suklian, ay nakapagpagabagal pang lalo sa mga pagbabayaran. Dumating ang araw na ang mga peperahin ay ayaw nang tanggapin sa mga bilihan. Nawalan na sa mga tindahan ng mabibili ng isa, dalawa hanggang apat na peras o sentimos. Ang naging pinakamababang bilihan ay limang sentimos na; kaya ang mga "papel" na ito naman ang gumawa. Walang anu-ano'y lumipas ang panahon ng lilimahing pera, at nahalinhan ng "papel" ding sasampung sentimos. Nagkahalaga na nito ang lalong pinakahamak na bagay na mabibili sa mga tindahan. Hanggang nang malaon ay

natabi nang lahat ang maliliit na halaga, at ang naging pinakapera" lamang ay ang "papel" na pipisuhin. Sa-rarating pa ang panahong ayaw nang tanggapin sa mga pamilihan ang mga pipisuhin, kahit na mga bagung-bago, at di-nanlilimahid ni nakaririmirim hipuin na siyang karamihan. Naging limang piso naman ang halaga ng pinakamababang bilihan. At namihikan na nang na-

mihikan ang mga nagtitinda at nagpapaupa sa pagtanggap ng mga lukot, marurumi at maliliit na halaga.

Halimbawa sa isang tawirang bangka, na dating sumisingil ng isa o dalawang pera isang-tao-isang-tawid, ay sumingil na nang hanggang dalawampung piso. Isang mananawid ang natanong na minsan ng sumusulat nito, kung sa gayong taas ng mga upahan sa pagtawid ay gaano sa maghapon ang inaabot ng kanyang kita. At ang naging sagot ay: "May araw po, anyang, hanggang tanghali lamang, kumikita ako ng mga limandaang piso". Nang mapainaku kami sa narinig, ang mananawid ay pangiting-maasim na tumugon pa: "Kulang pa po sa kagitnang bigas na inangit, isang niyog, ilang tali ng kangkong, isang guhit na tuyong-ayungin, upang makain naming mag-anak sa isang araw! . . .

Ang gayong bai-baitang na pagkahulog ng mga *papel-de-hapon* buhat sa kababa-babaang halagahanggan sa pataas nang pataas, ay hindi natigil hanggang sa katapusang baitang, na ang lahat-lahat na'y lubusang mawalan ng halaga—nangaging "basang-papel" at nangatunaw! . . .

Ang lakus-lakos, bayung-bayong, milyun-milyong kinamalamal at tinama-tamasa ng mga natutong magsamantala sa panahong yaon, ay kung di nangaabutan ng bagong panahong nanga-kaubaob ang ulo sa mga abo ng natupok, o sa mga sapal ng natunaw na mga buntong ng *papel-de-hapon*, ay kasalukuyan namang nangasailalim ng talampakan ng Higating si CIC, at niyuyurakan nito upang iluwal ang lahat ng kanilang mga pinagkabundatan sa harap at karurukan ng mga angaw-angaw na mamamayang labi-laihan ng Gutom at tiratiran ng mga dinanas na pahirap ng pinagtamasahan nilang Tatlong Taon.

Ang kasaysayan ng *papel-de-hapon*, "micky mouse money", o "military notes", na ginamit sa Pilipinas ng Hukbong Imperyal ng Hapon, ay kinalalarawanan na rin ng naging kabuhayan ng bayang pilipino sa loob ng tatlong taong ipinanakop dito ng Hapon. Nagsimula sa kaunting buti; sumama nang sumama, hanggang naging kasama-samaan.

Gayunman, dahil sa walang ka-

Ang Digmaang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 9)

dako, ang kuomintang ay tinutulongan naman ng Estados Unidos. Hanggang sa mga sandaling sinusulat namin ang lathalang ito ay wala pag malubhang nangyari, maliban sa tutol na ipinadala ng sobyet laban sa pagpagamit sa mga kuomintang ng mga amerikano ng kanilang mga saksyang-dagat. Dahil sa tutol na iyan ay sukat na nating magunita yaong matandang kasabihan na "kapag nag-itlug-itlog, ay magmamanuk-manok". Ang panganib

pangitang di may ganda, at walang kasamaang di may buti, kinaliw-alaw namang pag-isipin, na kasabay ng pagkatunaw ng salaping *papel-de-hapon*, ang pagkatunaw sa Pilipinas din ng... may bola ng keso sa gitna na sagisag ng panlulupig, bangkiyaw sa mahihinang karatig-bayan, pamanay na pang-akit sa ibig madaya, watawat sa pamumuksa sa mga dilumalaban,—sa katagang sabi, ang bandila ng kasakiman at kabuhungan, ng Hapon.

LOPE K. SANTOS

Nobyembre, 1945.

Ibong Walang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 19)

Pinagtibay namán ng ating binata
ang kanyáng pangakong banál at dakila;
—“Sa ngalan ng Poong sa atí’y lumikha,
kung magtaksil ako’y lamunin ng lupa!”

Bago naghiwalay yaong magsing-ibig
ang lalaki’y muling nangakong mahigpit,
isáng kayamanan ang kukuning pilit
sa pusod ng dagat na hindi malirip.

Nagbalik si Senon sa mga talampas
at ang mga mata’y napako sa dagat:
—“¡Pari Florentino!”—ang wikang paanas
at saka payapang sa Diyos tumawag.

(Abangan ang karugtong sa susunod na bilang.)

Pampaaralan . . .

(Karugtong ng naas pahina 16)

At silá ay naghintáy sa may hagdanan.

Hawak ni Adela ang bola, kayâ ang ginamit niyá ay itó. Hawak ni Rosa ang manikâ, kayâ ang ginamit ni Adela ay iyán. Malayò kay Adela at kay Rosa ang balutan, kayâ ang ginamit nilá ay iyón.

(Kapág ang bagay na itinuturò ay malapit sa nagsasalitâ, ang ginágamit ay itó. Kapág ang bagay ay malapit sa kausap, ang ginágamit ay iyán. Kapág ang bagay ay malayò sa nag-úusap, ang ginágamit ay iyón.)

Pitak sa KABABAIHAN

Pinamamahalaan ni FLORENTINA JAZMIN

Ang KAGANDAHAN AY LAGING HINAHANGAAN—iyan ay hindi mapag-aalinlanganan.

Sa pitak na ito'y sisikapin naming magtagubilin kung paano maingat ang kagandahan, ang pagyayaman sa sariling halinang tinataglay na, at ang pagpapatingkad pang lalo sa iwing ganda ng aking mga kabaro.

Ang maingat na pag-aayos sa buhok ay nagbubunga ng kagandahan. Isang mahusay na pakulutan, na may matagal nang karanasan sa gawaing ito ang siyang nararapat sadyain. Sa ilalim nito ay mababasa ang mga pakulutang may mga pangalan na.

Kalakip ng kagandahan ng buhok, ang mga babai'y dapat magkaroon ng halimuyak na mangingibabaw sa kaniyang katauhan—ang halimuyak na matimpi nguni't kung samyuin ay nakapupukaw sa damdamin, nakagigising sa mga pusong nahihimbing... Kailangan ang pulbos, na bukod sa nagdudulot ng kaiga-igayang kulay at kinis sa mukha ay nakararagdag sa pang-akit ng isang babai. Sa pahinang ito ay itinatagubilin namin ang mga pulbos na hahanap-hanapin pagkatapos mapagkilala ang bisa at halimuyak nito...

Hanggang sa susunod... alang-alang sa kagandahan.



HERMOSO DRUG STORE

646 Tabora

Manila

DR. C. A. SANTIAGO, *May-ari*

Maglaan sa Tahanan ng

MENTONATIN • CASADEL

Marcela's Beauty Parlor

& SUPPLY

Nagbibili at nag-aayos kami ng mga aparatong may koryente at walang koryente at kagamitan sa pagkukulot sa mababang halaga.

★
"EL ORIENTE"
NICKEL & CHROMIUM PLATING

Pangkalahatang Pag-aayos

M. CONSTANTINO—Tagapamahala

Tanggapan: 621 Raon sa pagitan ng Quezon Blvd. at Evangelista

IT'S NEW! IT'S NEWS! IT'S GLAMOROUS! Hollywood Beauty Salon

Always permanent wave by electricity

Day and Night Service
Special Arrangement for brides, bride's maids,
& socialites.

Meet us at 1452 Rizal Ave. or 308 Alvarez

VENUS BEAUTY PARLOR

701 Legarda cor. Guipit & 1227 Rizal Ave. near Requesens

P10. Permanent Waves

BY ELECTRICITY using "FREDERIC'S" Apparatus (The Best in town) and newly arrived medicines FROM AMERICA.

MARIA G. de RODRIGUEZ, *Manager*

By Electricity

U. S. Medicine

Expose your hidden beauty

ROSITA'S BEAUTY SHOP

Modern Appliances • Moderate Prices

Prop. MRS. ROSITA COLINA—908 Rizal Ave
Opposite Ang Tibay

Katatawanan Mga Salitang Magkakasingkahulugan

NAGHAMBUGAN

May isang kawal ng hukbo, hindi amerikano kundi taga-Mehiko, nguni't magaling umingglis, na minsang naghambog na mabuti sa isang tsuper ng autong kanyang sinakyan. Ang tsuper ay pilipino. Nagpapasyal noon ang nasabing kawal. Nang madaan sila sa tapat ng sirang katedral sa Intramuros ay nagtanong ang mehikano.

—Tila napakalaki at napakaganda ng nasirang katedral ninyo, ilang panahon kaya ginawa?

—Ayon sa pagkaalam ko po ay mga limang taon—sagot ng tsuper.

—Pagkatagal-tagal, doon sa amin, isang buwan lamang kung itayo ang katedral na gaya niyan...

Nang dumating sa tapat ng Sital-Hol ay nagtanong uli ang nasabing kawal.

—At iyan, ilang panahon bago naitayo?

—Tila po mga dalawang taon. Ang kawal ay humalakhak.

—Doon sa amin, dalawang linggo lamang kung itayo ang Sital-Hol na gaya niyan.

Napansin ng tsuper na siya'y pinaglalakuan at pinaghahambog ng mehikano. Nang dumatnig sa tapat ng simbahan ng San Sebastian ay muli itong nagtanong.

—E ito ito, ilang taon bago naitayo?

—Aywan ko po, nguni't kani-kanina lamang na magdaan ako rito ay wala pa ang simbhang iyan.

«O»

ANG AMING PAMUKHA

Lahat nang nakabasa't nakabatid ng buhay at mga ginawa ni Dr. Jose Rizal ay sukat makaalam na ang pamukha sa bilang na ito ng ILANG-ILANG ay isang lilok o eskultura ng ating Bayani. Si Rizal din ang nagpamagat sa lilok na iyan ng "Tagumpay ng Karunungan laban sa Kamatayan." Kung pag-aaralang mabuti ang "palaisipang" nakapaloob sa eskulturang iyan ay mapatutunayan ratin yaong sinabi ni Ferdinand Blumentritt na "si Rizal ay walang ginawang di may kahulugan."

EUKAS na ang...

VANITY FAIR

Beauty Salon

1143 Magdalena

(Malapit sa palengke ng

Bambang)

Panghuling Talata

Abuloy
(daló, gibík, saktolo)

Ang salitang *abuloy* ay ginagamit sa dalawang layunin: ang isá'y sa pagkakaloób ng anumang ambag at ang isá namá'y sa pagdaló sa sinumang napapahamak o ginagawan ng masama. Itóng ikalawang layunin ang tutukuyin natin dito. Ang una ay mababasa pagdating sa salitang *ambag*.

Kung kusang-loob na aabuloy sa sinumang ginagawan ng di-mabuti o kaya'y napapahamak ay *daló* ang ginagamit.

Kung hindi kami *nakadaló* agád ay napahamak si Pedro; mabuti't marami ang *dumaló* nang harangin kagabi si Marcos.

Gibík ang ginagamit kung iuukol sa pag-abuloy sa sinumang humihingi ng tulong.

Nang maringig namin ang sigaw na daluhan ninyo ako!" ay *gumibík* kami magkakasama; kung di pa akó *nagpagibík* ay hindi pa akó matutulungan.

Ang ginagamit namán ay *saktolo* kung ang tutulungan ay isang nasa kasakunaan.

Patáy ang mag-iná kung di *nasaktolohan* ng mga kapitbahay; kung hindi *nakasaktolo* agád ang isang may-dalang gamót ay natuluyan marahil si Kulás.

Abóy

(bugaw, ambóy, tabóy, bulabog)

Ang salitang *abóy* na ginagamit sa pagpapatungo sa sinuman o sa anumán sa dakong malayo kaysa kinaroroonan ay siyang pinaká-saligang salitá ng bugaw, ambóy, tabóy at bulabog.

Bugaw kung hayop ang iniáabóy.

Ang *ambóy* ay salitang lalawigan na di gamitin ni kilalá sa Maynila at iniuukol sa lahat ng pinaggagamitan ng abóy.

Tabóy namán ang ginagamit kung ang iniáabóy at binubugaw ay pinapátungo sa isang tiyák na dako o poók.

Bulabog kung ang binubugaw ay marami; ginagamit din ang salitang itó sa biglaang pag-alis dahil sa pagkagulat ng mga hayop, lalò na ng mailáp; ginagamit din sa pagpapánakbuhay ng maraming taong nabiglá at nágulat.

Maáaring sabihing *iabóy* mo ang hayop na iyan nguni't kailán ma'y di tamang sabihing *bugawin* mo si Pedro.

Ang mga manók ay *nabulabog* kayá nagpútakan; nang akó'y dumating ay *nabulabog* ang mga nagsisipagsugal pagká't ang akala ay isá akóng tiktík ng pámahalaán; *nabulabog* ang nangínginaing mga ibon nang kumahól ang aso.

Ang mga kambing ay *itabóy* mo sa libís; sa lúwasan mo silá *itabóy*.

Bakit hindi tatakbó ang pusa ay *binugaw* mo...

"Adhiká"

(layon, mithi, nais, nasà, pintuhò, hangád)

Ang pinaká-saligang salitá ng magkakasingkahulugang itó ay *layon*.

Ginagamit ang "adhiká" kung ang layunin ay kinapá-palooban ng malilinis at matatayog na simulain.

Kung pará sa mga pangkaraniwan at pangkalahatang bagay ay *nais* ang ginagamit.

Kung sa pagnanais ay talagang may tiyák na bagay, o kaya'y tiyák na tunguhin, "mithi".

Kung may kahalang isang paghahangád, "nasà".

Kung may kalahók namang pag-ibig, "pintuhò".

Kung may bahagya namang pag-iimbót, sa masamá o sa magaling, *hangád*.

Ang kasarinlán ay malaon nang "adhiká" ng bayang pilipino; ang *nais* ng lahat ay mabuhay at lumigaya; ang kalayaan ay siyang "pinakamimithi" ng mga mamamayan; naramdamán ng dalaga ang "nasà" sa kanyá ng binata; matagal ko nang "pinipintuhò" ang oo ni Rosa; namanmanán ang *hangád* ng lalaki kayá nag-ingat ang babai.

Nagsimula ang linggong ito sa isang pangyayaring pinagpapalagan ngayon ng mata ng sandaigdig at alinsunod sa aming maralitang palagay ay maaaring magiging titik ng isa rin namang pangyayaring magiging mahalaga sa kasaysayan ng mga bayan at ng mga lahi. Timutukoy namin ang labanan ng mga magkakapatid sa buong Kainsikan. Bagaman ang paglalaban-labang ito ng mga intsik ay sarili nila, palibhasa'y dalawang simulain ang pinaka-punong dahilan ay maaaring pakialaman ng ibang bansang sumasagay sa bandila ng Demokrasya at ng Komunismo. Di kami mag-sasalita ng anung-ano man sa bagay na ito. Ang tangi naming sasabihin ay sa Tsina nagaganap ang paglalaban-labang iyan ng magkakalahi, nguni't ang Rusya at Estados Unidos ay kapuwang nagmamalasid at tumataliba. Kami'y di manghukula; datapwat bukas-makalawa ay maaaring magunita natin ang huli naming sinabi.

Samantalang ganyan ang nangyayari sa Tsina, ang Korea ay papasok sa isang panahong maligaya para sa ikapanunumbalik ng kanyang pagsasarili. Alam nating ang bansang iyan ay inapit malapit ng mga hapon. Sa pagkatew ng bansang pinaka-masamang kaway ng kalayaan ng mga bayan at ng mga tao, siya'y napararaya sa mga lahang natubos. At ngayon, si Kim Koo, pangulo ng taiping ukol sa katubusan ng lahang koreano na napatapon sa lupatintik, ay babalik na sa Seul, pagkatapos na maitatag niya sa Tsungking ang pamahalaan ng nagsasariling Korea. Lubhang makabuluhan ang sinabi ni heneralissimo Chiang Kai-shek na arya'y "kapag hindi naging ganap ang pagsasarili ng Korea ay hindi magiging ganap ang kapayapaan sa silangang Asya at hindi magiging palagian ang kapayapaan ng sendaigdig."

Sa isang dako ay nakabibingi naman ang sigaw ng mga taga-Ikaba. Sa bibig ni Dr. Mustapo, kasama sa Gabinete ng lider ng kilusan, si Dr. Soekarno, ay narinig na "hindi namin isasalungat ang sandata habang may bandilang olandes na nakawagayway sa Indonesya."

Para sa ating mga pilipino, ang lahat ng iyan ay may malaking kahulugan. Pawa't isa ay inaangyayahan naming magmamimuni at ang kanilang kilos para sa hinalap na mga araw ay ibagay na sana sa maaaring ibunga ng mga pangyayaring iyan. Oo nga't ang iinit ay malayo sa atin, nguni't ang yanig ay maaari nating maramdaman.

Isang Bituin Sa Puting Tabing Ang Nagpapatunay!



Sa Aking Mga Kabaro:


Kung hangad ng aking mga ka-
baro na manatiling kaakit-akit at
maayos ang kanilang buhok, huwag
silang magkamali sa pagpili ng
pakulutan at bulwagan sa pagpapa-
ganda. Dumulog sa HOLLYWOOD
BEAUTY SALON, ang aking sina-
sadya tuwina.

Gerardo B. Manuel

Hollywood BEAUTY SALON

1452 RIZAL AVE. O KAYA'Y SA 308 ALVAREZ

Ukol sa **PAMAMATNUBAY**
Sa Lalong Mabuting **PAGTATANGHAL**
ay Patnubayan kayo ng



Ang Mabubuting Tagapagtanghal ay Hindi Dapat Magkulang na Magpalabás ng
mga pelikula ng

- LVN Pictures
- FILIPPINE Films
- EXCELSIOR Pictures
- JOAQUIN Films
- MAJESTIC Pictures
- X'OTIC Films
- UNITED Films
- FEDERAL Films
- CERVANTINA Films
- SESE Pictures

ABANGAN SA DISYEMBRE: "IBONG ADARNA" sa iba't ibang kulay (Bagong Salin)

KASAMA ANG LAHAT SA IISANG TANGGAPAN

2283 Azcarraga
Maynila

GERARDO B. MANUEL
Tagapamahalang Pangkalahatan

*Maaari Kayong Magtamo ng Pinakamataas na Pakinabang Kung Kayo ay
Magtapos ng Pag-aaral sa—*

De Luxe Fashion School

(May Kapahintulutan ng Gobyerno)

KARUNUNGAN SA BUHOK AT PANANAHI

Walang bayad ang pag-aaral ng karunungan sa paggawa ng Bulaklak, pagpinta ng Dibuhong sa kayo at ng wikang kastila.

Magpatala sa panulukan ng Dasmariñas at David—Malapit sa People's Bank

Ang Wastong **PAMUMUHUNAN**

Ay Nangangahulugan ng **INYONG TAGUMPAY**

PANGANGASIWA SA MGA DULAAN

**ANG ATING MAGKASANIB NA PUHUNAN AY SIYANG PINAKAMABUTI.
ANG INYONG GUSALI AT ANG AMING KAGAMITAN O PANGANGASIWA...**

MAY MAHUSAY KAMING TANGGAPAN SA PAGPAPALAAN NG MGA PELIKULA.

**KAGAWARAN SA PAGPAPADALAN NA PINANGANGASIWAANG MABUTI
Mga Gawain sa Pintura at Paglilimbag * Karbon * Tiket MALAPIT NANG
DUMATING ang mga bagong kasangkapan at kagamitan sa Dulaan.**

**ANG INYONG NINANAIS AY SIYA RIN NAMING PINAGSISIKAPAN
KUMILOS NA NGAYON AT NANG KAILAN MA'Y HINDI MANGHINAYANG**

2283 Azcarraga
Maynila

GERARDO B. MANUEL
Tagapamahalang Pangkalahatan